

# Doctrinal Mastery

## Material para sa Teacher ng Bagong Tipan

# Doctrinal Mastery
## Materyal ng Teacher sa Bagong Tipan

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang mga komento at pagwawasto ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa:

Seminaries and Institutes of Religion Curriculum Services
50 East North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0008 USA
Email: ces-manuals@ldschurch.org

Isulat lamang ang iyong buong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking tukuyin ang pamagat ng manwal kapag ibinigay mo ang iyong mga komento.

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Version 2, 6/16

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/16
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/16
Pagsasalin ng *Doctrinal Mastery New Testament Teacher Material*
Tagalog
13231 893

# Mga Nilalaman

Mga Tagubilin para sa mga Titser . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . v
Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1
Ang Panguluhang Diyos . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 13
Ang Plano ng Kaligtasan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 18
Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25
Ang Panunumbalik . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 32
Mga Propeta at Paghahayag . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 37
Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 48
Mga Ordenansa at mga Tipan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 55
Pag-aasawa at Pamilya . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 58
Mga Kautusan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 65

# Mga Tagubilin para sa mga Titser

Isinasaad sa Layunin ng Seminaries and Institutes of Religion: "Itinuturo natin sa mga estudyante ang mga doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta" (*Pagtuturo at Pag-aaral ng Ebanghelyo: Hanbuk para sa mga Titser at Lider sa Seminaries and Institutes of Religion* [2012], x). Nagagawa ito sa seminary sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito, na ayon sa natural na pagkakasunod-sunod ng mga aklat at mga talata sa isang aklat ng mga banal na kasulatan mula sa simula hanggang katapusan. Binigyang-diin ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na "ito ang una at ang pinakapangunahing paraan ng pagtatamo ng tubig na buhay" ("A Reservoir of Living Water" [Church Educational System fireside para sa mga young adult, Peb. 4, 2007], 3, lds.org/broadcasts).

Ang isa pang paraan upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan, paniwalaan, at isabuhay ang doktrina ni Jesucristo ay sa pamamagitan ng Doctrinal Mastery. Ang Doctrinal Mastery ay ibinatay at ipinapalit sa mga ginawa noon ng Seminaries and Institutes of Religion, tulad ng scripture mastery at ang pag-aaral ng Mga Pangunahing Doktrina. Layunin ng Doctrinal Mastery na tulungan ang mga estudyante na magawa ang mga sumusunod:

1. Matutuhan at maisabuhay ang mga banal na alituntunin para magtamo ng espirituwal na kaalaman.
2. Maging mahusay sa doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa mga scripture passage kung saan itinuro ang doktrina. Magpopokus tayo sa doktrina na nauugnay sa sumusunod na siyam na paksa:
    - Ang Panguluhang Diyos
    - Ang plano ng kaligtasan
    - Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo
    - Ang Panunumbalik
    - Mga propeta at paghahayag
    - Ang priesthood at mga susi ng priesthood
    - Mga ordenansa at mga tipan
    - Pag-aasawa at pamilya
    - Mga kautusan

Gumawa ang Seminaries and Institutes of Religion ng mga materyal sa pagtuturo para tulungan ang mga titser at estudyante na maisakatuparan ang mga layuning ito. Kabilang sa mga materyal na ito ang *Doctrinal Mastery Core Document* at ang Doctrinal Mastery material para sa teacher . (*Paalala:* Ang Doctrinal Mastery material para sa teacher ay magiging available para sa apat na kurso sa seminary.)

## Doctrinal Mastery Core Document

Ang *Doctrinal Mastery Core Document* ay para sa mga estudyante. Binubuo ito ng (1) pambungad na nagpapaliwanag kung ano ang Doctrinal Mastery at paano ito makatutulong sa kanila, (2) tagubilin na nagtuturo sa kanila ng mga alituntunin sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman, at (3) isang bahagi ng mga paksa ng sa doktrina na nakasulat sa itaas. Sa ilalim ng bawat paksa ng doktrina ay ang mga pahayag ng doktrina na mahalaga sa buhay ng mga estudyante at kinakailangan nilang maunawaan, paniwalaan, at isabuhay.

Ang ilan sa mga doktrina at mga alituntunin sa "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" at "Mga Paksa ng Doktrina" ng *Doctrinal Mastery Core Document* ay sinusuportahan ng mga doctrinal mastery scripture passage. Mayroong 25 doctrinal mastery scripture passage para sa bawat kurso ng pag-aaral (Lumang Tipan, Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan), na sa kabuuan ay 100 talata. Nakalista ang mga talatang ito sa likuran ng *Doctrinal Mastery Core Document.* Ang pagtulong sa mga estudyante na maalala at mahanap ang mga talatang ito at maunawaan kung paano itinuturo ng mga talata ang doktrina ng Tagapagligtas ay mahalagang bahagi ng iyong tungkulin bilang titser.

Bawat isa sa 100 doctrinal mastery scripture passage ay ginagamit upang direktang suportahan ang isa lamang na pahayag ng doktrina sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Halimbawa, binanggit ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20 sa paksa ng doktrina 4, "Ang Panunumbalik," upang suportahan ang katotohanan na **ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagpakita kay Joseph Smith bilang tugon sa panalangin ni Joseph, at tinawag Nila siya na maging Propeta ng Panunumbalik.** Gayunman, ang doctrinal mastery passage na ito ay maaari ding gamitin para suportahan ang katotohanan sa paksa ng doktrina 1, "Ang Panguluhang Diyos," na **may tatlong magkakahiwalay na katauhan sa Panguluhang Diyos: ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan; ang Kanyang Anak na si Jesucristo; at ang Espiritu Santo.** Samakatwid, nakatala ang doctrinal mastery passage na ito bilang kaugnay na reperensya ng paksang iyon.

Kapag alam mo kung saan binanggit ang bawat doctrinal mastery passage, matutulungan ka nito na malaman kung saang learning experience tatalakayin ang partikular na talatang iyan sa Doctrinal Mastery material para sa teacher para sa kasalukuyang kurso ng pag-aaral. Sa naunang ibinigay na halimbawa, ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20 ay tatalakayin sa learning experience para sa "Ang Panunumbalik" sa *Doctrinal Mastery Material para sa Teacher ng Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan.*

Hindi mabibigyan ng magkakaparehong diin ang bawat paksa ng doktrina sa bawat taon. Bagama't tatalakayin ang bawat paksa ng doktrina kada taon, tanging ang mga partikular na pahayag ng doktrina na sumusuporta sa mga doctrinal mastery passage na nauugnay sa kurso ng pag-aaral ang bibigyang-diin sa mga lesson ng Doctrinal Mastery para sa taong iyon.

## Doctrinal Mastery Material para sa Teacher

Ang kurikulum ng Doctrinal Mastery ay binubuo ng 10 learning experience na tatalakayin sa kurso ng pag-aaral para sa taong iyon. Malamang na kailangang ituro ang mga materyal sa pagtuturo para sa bawat learning experience nang higit sa isang sesyon ng klase.

Nakatuon ang unang learning experience sa pagtulong sa mga estudyante na matutuhan at maisabuhay ang mga alituntuning nauugnay sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman. Ito ay kailangang maituro sa unang dalawang linggo ng school year. Makatutulong ito para maunawaan ng mga estudyante ang layunin ng doctrinal mastery. Bukod dito, ang mga alituntuning ituturo sa learning experience na ito ay maglalaan ng pundasyon na pagbabatayan at pag-aaralang muli sa susunod na siyam na learning experience na ituturo rin sa parehong taon.

Ang bawat learning experience ay nakabatay sa isa sa siyam na paksa ng doktrina na nakasaad sa unahan. Layunin nito na tulungan ang mga estudyante na maunawaan nang mas malalim ang doktrina ng Tagapagligtas at maging mas handang isabuhay ang mga ito. Ang bawat learning experience ay binubuo ng tatlong pangunahing bahagi: “Pag-unawa sa Doktrina,” “Mga Pagsasanay,” at “Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery.”

**Pag-unawa sa Doktrina.** Ang bahaging ito ng bawat learning experience ay kinapapalooban ng magkakasunod na aktibidad sa pag-aaral o mga bahagi na maaaring ituro sa isang sesyon ng klase o higit pa. Tutulungan ng mga aktibidad na ito ang mga estudyante na magkaroon ng mas malalim na pang-unawa sa bawat paksa ng doktrina at partikular na pahayag ng doktrina na nauugnay sa bawat paksa.

Ang mga aktibidad sa “Pag-unawa sa Doktrina” ay karaniwang nagsisimula sa pag-aaral ng paksa ng doktrina sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Bukod dito, nakatuon ang mga aktibidad sa partikular na pahayag ng doktrina na sinusuportahan ng mga doctrinal mastery passage na makikita sa kurso ng pag-aaral para sa taong iyon. Halimbawa, sa learning experience sa “Ang Panguluhang Diyos” sa *Doctrinal Mastery Material para sa Teacher ng Bagong Tipan*, tinatagubilinan ang mga titser na tulungan ang mga estudyante na maunawaan nang lubos ang Sa Mga Hebreo 12:9. Sa pag-aaral ng mga estudyante ng Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan sa ibang taon ng kanilang pag-aaral sa seminary, pagtutuunan nila ng pansin ang karagdagang mga doctrinal mastery passage na sumusuporta sa iba pang mga pahayag ng doktrina na kaugnay ng paksang “Ang Panguluhang Diyos” sa *Doctrinal Mastery Core Document.*

Sa mga aktibidad sa “Pag-unawa sa Doktrina”, hinihikayat ang mga estudyante na hanapin, markahan, at pag-aralan ang mga doctrinal mastery passage upang magamit nila ang mga ito para ituro at ipaliwanag ang mga pahayag ng doktrina na sinusuportahan ng mga nasabing talata. Maaari ka ring magdagdag ng mga aktibidad sa pag-aaral kung kinakailangan upang matulungan ang mga estudyante na lubusang maunawaan ang mga pahayag ng doktrina at mga doctrinal mastery passage na sumusuporta sa mga ito.

**Mga Pagsasanay.** Naglalaan ang bawat learning experience ng isa o higit pang mga pagsasanay para sa mga estudyante. Ang mga pagsasanay na ito ay karaniwang kinapapalooban ng mga case study, mga pagsasadula, mga sitwasyon, o mga tanong na maaaring pag-usapan ng mga estudante o talakayin sa maliliit na grupo o bilang isang klase. Mahalaga ang mga pagsasanay na ito upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan kung gaano kahalaga ang mga pahayag ng doktrina na pinag-aaralan nila sa mga makabagong sitwasyon. Binibigyang-diin din ng mga pagsasanay kung paano mapagpapala at matutulungan ang mga estudyante ng mga doktrina na natutuhan nila na maipamuhay ang ebanghelyo at maituro ang ebanghelyo at maipaliwanag ang kanilang mga paniniwala sa paraang hindi namimilit, at di-nakasasakit sa iba.

**Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery.** Makatutulong sa mga estudyante ang madalas na pagrerebyu ng mga pahayag ng doktrina at ng mga doctrinal mastery passages na ginagamit para suportahan ang mga ito sa kanilang pagsisikap na maging mahusay. Bawat learning experience ay kinapapalooban ng isang bahagi na may mga ideya na tutulong sa iyo na mamuno sa pagrerebyu sa mga estudyante ng mga pahayag ng doktrina at ng mga kaugnay na doctrinal mastery passage na natutuhan nila sa buong taon.

## Pagpapatupad ng Doctrinal Mastery

Magkakaiba ang pagpapatupad ng Doctrinal Mastery depende sa uri ng seminary program kung saan naka-enroll ang mga estudyante: daily seminary (early-morning program at released-time program), online seminary, at home-study seminary.

### Doctrinal Mastery sa Daily Seminary

Inaasahan na gugugol ka ng 30 minuto sa klase bawat linggo sa buong taon para sa Doctrinal Mastery. Mag-iiba-iba ang bilang ng linggo na gugugulin sa bawat isa sa 10 learning experience depende sa bilang ng mga pahayag ng doktrina at mga doctrinal mastery passage na bibigyang-diin at pag-aaralan para sa paksang iyon ng doktrina. Sapat na ang dalawang linggo para sa ilang paksa, habang ang iba naman ay mangangailangan ng karagdagang bilang ng linggo para matapos (tingnan sa “Doctrinal Mastery Pacing Guide para sa Bagong Tipan” sa ibaba).

Nahahati ang bahaging “Pag-unawa sa Doktrina” sa bawat learning experience sa Doctrinal Mastery sa mga aktibidad sa pag-aaral (mga bahagi) na kadalasang natatapos sa loob ng 5 hanggang 10 minuto bawat isa. Nagtutulot ito sa iyo na maiangkop kung paano mo gagamitin ang oras ng klase para sa Doctrinal Mastery. Halimbawa, maaari mong iplano na sa isang araw ay tatalakayin mo ang isa o dalawang mga aktibidad sa pag-aaral sa klase, habang sa isang araw naman ay kailangan mong gugulin ang buong oras ng klase para lubos na matalakay ang isang scripture block, kaya wala nang oras para sa Doctrinal Mastery. Ang ilang aktibidad sa pag-aaral ay nangangailangan ng mas maraming oras, kaya maaari mong gawin ang mga ito sa isang araw ng pagtuturo na maisasama mo ang mga ito (tingnan sa “Pacing Guide para sa mga Daily Teacher” at “Mga Mungkahi para sa mga Flexible na Araw” sa apendiks ng iyong manwal para sa mga titser).

Bukod sa pagtalakay ng mahahalagang scripture passage ayon sa paksa na bahagi ng Doctrinal Mastery, dapat mong bigyang-diin ang mga talatang iyon kapag nakita mo ang mga ito sa iyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito kasama ng iyong mga estudyante. Makatutulong sa mga estudyante ang paggawa nito upang magkaroon sila ng mas malalim na pang-unawa sa konteksto at nilalaman ng bawat scripture passage, gayundin upang mabigyang-diin ang kahalagahan ng mga katotohanan na itinuturo sa bawat scripture passage.

Sa daily seminary, nakabatay at pinapalitan ng Doctrinal Mastery ang scripture mastery program. Para sa mga doctrinal mastery passage na tinatawag na scripture mastery passages noon, naglalaman ang *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher* ng mga mungkahi at mga aktibidad sa pag-aaral na makatutulong sa iyo na magkaroon ng tamang pagbibigay-diin sa talata sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito kasama ang mga estudyante. Para sa mga doctrinal mastery passage na bago, hindi sasabihin sa manwal ng titser na doctrinal mastery passage ito; mahalaga na mabigyang-diin mo nang epektibo at angkop ang mga talata bilang bahagi ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

*Paalala:* Ang ilang scripture passage ay tinukoy sa *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher* bilang mga scripture mastery passage ngunit hindi mga doctrinal mastery passage. Ang mga talatang ito ay hindi na dapat bigyang-diin ayon sa mga tagubilin sa scripture mastery sa manwal, ngunit tatalakayin bilang karaniwang bahagi ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

**Doctrinal Mastery Pacing Guide para sa Bagong Tipan**

Ang bilang ng mga linggo na ginugugol sa bawat isa sa 10 learning experience ay magkakaiba para sa Bagong Tipan, depende sa bilang ng mga doktrina at scripture passage na pag-aaralan para sa paksa ng doktrina. Mga 30 minuto bawat linggo ang dapat ilaan para sa Doctrinal Mastery gamit ang sumusunod na mga aktibidad:

- Pag-unawa sa mga bahagi ng Doktrina
- Mga Pagsasanay
- Mga aktibidad sa Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Halimbawa, sa pacing guide sa ibaba, dalawang linggo ang ibinibigay para sa mga aktibidad para sa Doctrinal Mastery na nauugnay sa Panguluhang Diyos. Sa Lunes ng unang linggo, maaari mong gawin muna ang bahaging "Pag-unawa sa Doktrina." Sa Martes ay maaari mong gawin ang ikalawa at ikatlong bahagi, at sa Miyerkules ay maaari mong gawin ang tatlo hanggang limang minutong aktibidad na iyong ginawa o pinili sa resources na nasa apendiks ng *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher.* Sa Huwebes ay maaari mong piliin na hindi muna magdaos ng aktibidad para sa Doctrinal Mastery dahil kailangan mo ang buong oras ng klase para sapat na matalakay ang scripture block, at sa Biyernes, maaari mong gawin ang ikaapat na bahagi ng "Pag-unawa sa Doktrina." Para sa ikalawang linggo, maaari mong gamitin ang isa pang karagdagang mastery activity na pinili mo, ang pagsasanay, at ang aktibidad ng "Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery."

Ang pagrerebyu ng kurikulum sa *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher* para sa susunod na linggo kasama ng mga aktibidad sa pag-aaral ng Doctrinal Mastery na nasa *Doctrinal Mastery Material para sa Teacher ng Bagong Tipan* ay makatutulong sa iyo na magplano at maglaan ng oras ng klase para sa Doctrinal Mastery. Kakailanganin mong tukuyin ang mga bahagi ng lesson na maaaring ibuod upang magkaroon ka ng oras para sa mga aktibidad sa pag-aaral at mga pagsasanay ng Doctrinal Mastery.

Ang sumusunod na pacing guide ay batay sa paraan ng pagtalakay ng mga doktrina ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Gayunman, dapat unang maituro ang "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman," at kapag naituro na ito, ang iba pang mga paksa ng doktrina ay maaaring nang ituro sa kahit na anong pagkakasunod-sunod. Isaalang-alang ang dalawang pamamaraan sa ibaba:

- Talakayin ang mga paksa ng doktrina ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito sa *Doctrinal Mastery Core Document* (simula sa "Ang Panguluhang Diyos" at nagtatapos sa "Mga Kautusan").
- Hangga't maaari, iayon ang pag-aaral ng mga estudyante sa mga paksa ng doktrina na pinag-aaralan nila sa kanilang mga pulong tuwing Linggo.

| Linggo | Paksa ng Doktrina |
|---|---|
| 1 | Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman |
| 2 | |
| 3 | |
| 4 | |
| 5 | Ang Panguluhang Diyos |
| 6 | |
| 7 | Ang Plano ng Kaligtasan |
| 8 | |
| 9 | |
| 10 | |
| 11 | |
| 12 | |
| 13 | Ang Pagbabayad-sala |
| 14 | |
| 15 | |
| 16 | |
| 17 | Ang Panunumbalik |

| Linggo | Paksa ng Doktrina |
|---|---|
| 18 | |
| 19 | |
| 20 | Mga Propeta at Paghahayag |
| 21 | |
| 22 | |
| 23 | |
| 24 | Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood |
| 25 | |
| 26 | Mga Ordenansa at mga Tipan |
| 27 | |
| 28 | Pag-aasawa at Pamilya |
| 32 | |
| 33 | Mga Kautusan |
| 31 | |
| 32 | |

## Doctrinal Mastery sa Online Seminary

Ang mga aktibidad sa pag-aaral ng Doctrinal Mastery ay isasama sa mga online seminary lesson. Kung nagtuturo ka ng online seminary class, makatutulong kung rerebyuhin mo ang naunang bahagi ng "Doctrinal Mastery sa Daily Seminary" na makatutulong sa iyo na maunawaan ang mahahalagang alituntunin at gawain na maaaring iangkop at gamitin sa online seminary.

## Doctrinal Mastery sa Home-Study Seminary

Hindi pa naisasama ang Doctrinal Mastery sa mga materyal na ginagamit ng mga titser at estudyante ng home-study seminary. Kung gayon, dapat ipagpatuloy ng mga titser at mga estudyante ang paggamit ng kasalukuyang mga materyal para sa home-study at ang kasamang mga aktibidad para sa scripture mastery. Kapag na-update na ang mga materyal para sa home-study, hinihikayat ang mga titser na magbigay sa mga estudyante ng mga kopya ng *Doctrinal Mastery Core Document* at hikayatin sila na personal na pag-aralan ito at ang mga doctrinal mastery scripture passage.

# Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman

## Bahagi 1 (40 minuto)

*Paalala:* Maaaring ituro ang Bahagi 1 at 2 sa dalawang magkahiwalay na 40-minutong klase, o maaaring pagsamahin at ituro sa isang 80-minutong sesyon.

### Ang Paghahanap sa Walang-hanggang Katotohanan

Isulat ang salitang *Katotohanan* sa pisara, at itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Bakit maaaring maging mahirap ang pagtuklas o pag-aaral?

Matapos sumagot ang ilang estudyante, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Paano ko malalaman at matututuhan kung ano ang totoo?*

Ipaliwanag na nagpahayag si Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan tungkol sa hamon ng pag-alam ng katotohanan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng isang sinaunang talinghagang pinamagatang "Ang mga Bulag na Lalaki at ang Elepante."

Maaari mong idispley ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Uchtdorf, o bigyan ang bawat estudyante ng kopya nito. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung sa paanong paraan kahalintulad ng talinghagang ito ang mga hamon na kinakaharap natin sa paghahanap natin ng katotohanan.



"Mahigit isang daang taon na ang nakalipas, isang makatang Amerikano ang gumawa ng tula mula sa isang sinaunang talinghaga. Ang unang talata ng tula ay nagsasaad tungkol sa:

*Anim na lalaki ng Indostan*
*Na labis ang katalinuhan,*
*Ang humayo upang Elepante ay tingnan*
*(Bagama't bulag lahat sila),*
*Sa pagsusuri ng bawat isa*
*Mabibigyang-kasiyahan ang isipan nila.*

"Sa tula, bawat isa sa anim na manlalakbay ay may kinakapang isang parte ng katawan ng elepante at pagkatapos ay inilalarawan ang natuklasan niya.

"Nakapa ng isa sa mga lalaki ang binti ng elepante at inilarawang bilog at magaspang ito tulad ng isang puno. Kinapa-kapa naman ng isa pa ang pangil at inilarawan ang elepante tulad sa isang sibat. Hinawakan ng ikatlo ang buntot at iginiit na ang elepante ay parang isang lubid. Nakapa naman ng ikaapat ang nguso ng elepante at iginiit na ang elepante ay parang isang malaking ahas.

"Bawat isa ay naglalarawan ng katotohanan.

"At dahil ang katotohanan ay nagmumula sa sariling karanasan, iginigiit ng bawat isa na alam niya ang nalalaman niya.

"Ganito natapos ang tula:

*Kaya't ang mga lalaking ito ng Indostan*
*Ay nagkagulo at nagtalu-talo,*
*Bawat isa sa kanyang sariling opinyon*
*Ay nagmatigas at hindi nagpatalo,*
*Bagama't bawat isa ay tama nang kaunti,*
*Lahat naman sila ay nagkamali!*

*[John Godfrey Saxe,* The Poems of John Godfrey Saxe *(1873), 135–36, books.google.com]."*

("Ano ang Katotohanan?" [Church Educational System devotional, Ene. 13, 2013], lds.org/broadcasts.)

- Paano inilalarawan ng talinghagang ito ang ilan sa mga hamon ng pagtuklas ng katotohanan?
- Ano ang ilan sa iba pang mga hamon ng paghahangad na matuklasan ang katotohanan?
- Ano ang makatutulong sa mga bulag na lalaki upang mas tumpak na maunawaan kung ano talaga ang isang elepante? (Halimbawa, ang pagtanggap ng tulong mula sa isang tao na nakakakita sa buong elepante.)

## Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Walang-hanggang Katotohanan

Ipaliwanag na sa kanilang pagdalo sa seminary, ang mga estudyante ay magkakaroon ng maraming pagkakataon na palawakin ang kanilang pag-unawa sa walang-hanggang katotohanan. Upang tulungan ang mga estudyante na magawa ito nang epektibo, ipinakikilala ang tinatawag na Doctrinal Mastery. Kabilang dito ang paghahangad na matutuhan at isabuhay ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman at pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Bigyan ang mga estudyante ng kopya ng *Doctrinal Mastery Core Document,* at sabihin sa kanila na buksan ang bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman." Sabihin sa kanila na basahin nang tahimik ang unang talata, na hinahanap ang pinanggagalingan ng walang-hanggang katotohanan.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan nila ang sumusunod na doktrina: **Alam ng Diyos ang lahat ng bagay at Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan.**

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang doktrinang ito, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mosias 4:9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tayo matutulungan ng talatang ito na maunawaan kung bakit maaari tayong magtiwala sa Diyos bilang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan.

- Anong mga salita o parirala sa talatang ito ang naglalarawan kung bakit maaari tayong magtiwala na ang Diyos ang tanging maaasahang pinagmumulan ng katotohanan?

- Sa inyong palagay, bakit mahalagang magtiwala sa Diyos bilang ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ang pagkakaalam kung saan babaling para sa katotohanan ay isa sa mga unang hakbang para matamo ito.)

## Paano Magtamo ng Espirituwal na Kaalaman

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang huling pangungusap ng unang talata at ang buong ikalawang talata ng bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang maaari nating gawin upang anyayahan ang Diyos na ihayag sa atin ang espirituwal na katotohanan.

Ipabahagi sa mga estudyante ang natuklasan nila. Upang tulungan ang mga estudyante na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa dapat nating gawin upang magtamo ng espirituwal na katotohanan, hatiin ang klase sa apat na grupo at i-assign sa bawat grupo ang isa sa mga sumusunod na doctrinal mastery passage o mga grupo ng talata:

- Moroni 10:4–5
- Juan 7:17
- Santiago 1:5–6; 2 Nephi 32:8–9
- II Kay Timoteo 3:15–16; 2 Nephi 32:3

Ipaliwanag na mayroon silang limang minuto para basahin ang naka-assign na mga talata sa kanila at talakayin kung ano ang nabasa nila gamit ang sumusunod na mga tanong. (Maaari mong isulat ang mga tanong na ito sa pisara o magbigay sa kanila ng handout.)

1. Anong alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na katotohanan ang itinuturo sa mga talata?
2. Paano nakatutulong sa inyo ang mga talata na ito na mas maunawaan kung paano kayo magtatamo ng espirituwal na katotohanan?
3. Ano ang mga naranasan ninyo na may kinalaman sa bahaging ito ng paraan ng pagtatamo ng espirituwal na katotohanan?


Pagkaraan ng sapat na oras, sabihin sa isang miyembro mula sa bawat grupo na ibahagi ang natalakay nila. Tiyakin na habang iniuulat ng bawat grupo ang kanilang mga natuklasan ay isasama nila sa ulat kung anong bahagi ng proseso ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman ang itinuturo ng mga talatang naka-assign sa kanila.

Matapos magbahagi ang bawat grupo, maaari mong hilingin sa klase na magbahagi ng mga karagdagang ideya o karanasan na nauugnay sa pagtatamo ng espirituwal na katotohanan. Isiping itanong ang sumusunod:

- Paano magkakaugnay sa isa't isa ang mga paraang ito ng paghahanap ng katotohanan sa pagtulong sa atin na magtamo ng espirituwal na kaalaman?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na

pakinggan kung ano ang itinuro ni Elder Scott na kailangan upang magtamo ng espirituwal na kaalaman.



"Ang pagtatamo ng napakahalagang kaalaman ay nangangailangan ng di-karaniwang personal na pagsisikap. Ganito rin ang kailangan kung nagnanais tayo na magtamo ng espirituwal na kaalaman" ("Acquiring Spiritual Knowledge," *Ensign,* Nob. 1993, 87).

- Sa palagay ninyo, bakit kaya hinihiling ng Panginoon na magsikap muna tayo bago natin matamo ang espirituwal na kaalaman?
- Sa inyong karanasan, bakit sulit ang mga pagsisikap ninyo na magtamo ng espirituwal na kaalaman—gaya ng patotoo tungkol sa ating Ama sa Langit; sa Kanyang Anak na si Jesucristo; sa katotohanan ng Kanilang mga turo?

Magpatotoo na kailangan ang ating pinakamahusay na personal na pagsisikap upang matamo ang espirituwal na kaalaman. Handa ang ating Ama sa Langit na turuan tayo, ngunit kailangang handa tayong gawin ang ating responsibilidad.

### Ang Pagtatanong at Paghahanap ng mga Sagot ay Mahalagang Bahagi ng Ating Pagsisikap na Malaman ang Katotohanan

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang ikatlong talata ng bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuturo ng talata tungkol sa kahalagahan ng pagtatanong sa ating pagsisikap na magkaroon ng espirituwal na kaalaman.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Pagkatapos ay isulat sa pisara ang sumusunod na buod ng pahayag ng katotohanan: **Ang pagtatanong at masigasig na paghahanap ng sagot ay mahalagang bahagi ng ating pagsisikap na matutuhan ang katotohanan.**

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang masigasig na maghanap ng mga sagot sa mga tanong na dumarating habang nagsisikap kayong malaman ang katotohanan?

Upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kahalagahan ng aspetong ito ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang itinuro ni Pangulong Uchtforf tungkol sa tamang pagtatanong. (Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng kopya ng pahayag na ito.)



"Pagdating sa espirituwal na katotohanan, paano natin malalaman na tayo ay nasa tamang landas?

"Isang paraan ay sa tamang pagtatanong—na tumutulong sa atin na pag-isipan ang ating pag-unlad at suriin kung ano ang epekto sa atin ng mga bagay. Mga tanong na gaya ng:

" 'May kabuluhan ba ang buhay ko?'

" 'Naniniwala ba ako sa Diyos?'

" 'Naniniwala ba ako na kilala at mahal ako ng Diyos?'

" 'Naniniwala ba ako na dinirinig at sinasagot ng Diyos ang mga dasal ko?'

" 'Talaga bang maligaya ako?'

" 'Inaakay ba ako ng pagsisikap ko tungo sa pinakamataas na mga mithiin at pinahahalagahan sa buhay?'

"Ang malalalim na tanong na tulad nito ay umakay sa maraming tao at mga pamilya sa iba't ibang panig ng mundo na hanapin ang katotohanan. Madalas ay inaakay sila ng paghahanap na iyon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at sa ipinanumbalik na ebanghelyo" ("Napakaganda ng Nagagawa Nito!" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 20–21).

- Paano tayo natutulungan ng pahayag na ito ni Pangulong Uchtdorf na mas maunawaan ang kahalagahan ng tamang pagtatanong ?

Tanungin ang mga estudyante kung may maiisip sila na mga halimbawa sa mga banal na kasulatan na nagpapakita kung paano natutulungan ng pagtatanong at masigasig na paghahanap ng mga sagot ang mga tao upang matamo ang espirituwal na kaalaman. (Kabilang sa mga halimbawa ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:10–20; Enos 1:1–8; Doktrina at mga Tipan 138:1–11).

Ipaliwanag ang sumusunod na alituntunin mula sa dulo ng ikatlong talata ng bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman": **Ang saloobin at layunin ng ating pagtatanong at paghahanap ng sagot ay malaki ang epekto sa kakayahan nating matuto sa pamamagitan ng Espiritu Santo.** Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang alituntuning ito sa kanilang kopya ng *Doctrinal Mastery Core Document.*

Para maipakita ang pagkakaiba ng matapat na pagtatanong at ng pagtatanong upang bigyang-katwiran ang pag-uugali o para punahin o hulihin ang isang tao, sabihin sa mga estudyante na magpartner-partner at paghambingin ang mga naunang itinanong ni Zisrom matapos niyang marinig ang mga patotoo nina Alma at Amulek. Sabihin sa isang partner na tahimik na pag-aralan ang Alma 10:31–32; 11:21 at sabihin naman sa isa pa na tahimik na pag-aralan ang Alma 12:8. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag sa kanilang mga kapartner kung ano ang natutuhan nila tungkol sa katapatan at posibleng dahilan ng pagtatanong ni Zisrom. Matapos talakayin ng mga estudyante sa kanilang kapartner ang iniatas na mga talata sa kanila, itanong sa klase ang mga sumusunod:

- Ano ang pagkakaiba ng dahilan at ng saloobin ni Zisrom sa kanyang unang pagtatanong at sa kanyang pagtatanong matapos marinig ang mga patotoo nina Alma at Amulek?

- Ayon sa Alma 12:8, anong uri ng katotohanan ang hinangad ni Zisrom matapos niyang marinig ang mga patotoo nina Alma at Amulek? (Ipaliwanag na matapos marinig ang mga patotoo nina Alma at Amulek, mayroon pa ring mga katanungan si Zisrom, ngunit nagbago ang uri ng kanyang mga tanong. Si Zisrom ay "nagsimulang magtanong … nang buong sigasig sa kanila, upang kanyang malaman pa ang hinggil sa kaharian ng Diyos.")

Ipaliwanag na ang karamihan sa magagandang doktrina na itinuro sa Alma 12–13 ay bunga ng mga pagtatanong. Sa huli, ang mga tanong at sagot na ito ay tumulong kay Zisrom na magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa Alma 14:6; 15:3–12).

Maaari mong patotohanan ang kahalagahan ng matapat na pagtatanong at masigasig na paghahanap ng sagot. Maaari mong ibahagi kung paano mo nalaman na sinasagot ng Panginoon ang ating matatapat na tanong.

## Bahagi 2 (40 minuto)

### Pagsagot sa mga Tanong na Nauukol sa Doktrina at Kasaysayan

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Nagtataka ang mga kabataan kung 'bakit?'—Bakit tayo inutusang *gawin* ang ibang mga bagay, at bakit tayo inutusang *huwag* gawin ang ibang bagay?" ("The Great Plan of Happiness" [mensahe sa Church Educational System religious educators Ago. 10, 1993], si.lds.org).

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung nagtaka na ba sila kung bakit inutusan tayong gawin ang ilang bagay at huwag naman gawin ang iba. Halimbawa, marahil nagtataka ang ilan kung bakit inutusan tayo ng Diyos na panatilihing banal ang araw ng Sabbath o kung bakit inutos ng Diyos na ang pagtatalik ay sa pagitan lamang ng isang lalaki at isang babae na legal na ikinasal. Ipaliwanag na layunin ng bahaging ito ng lesson sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman na tulungan ang mga estudyante na matutuhan ang mga alituntunin na gagabay sa kanila kapag may mga katanungan sila o kapag tinanong sila ng iba tungkol sa mga doktrina, gawain, at kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ipaalala sa mga estudyante ang tungkol sa doktrina na natutuhan nila tungkol sa pinagmumulan ng katotohanan at kung paano magtamo ng espirituwal na kaalaman: Alam ng Diyos ang lahat ng bagay at Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan. Ipaliwanag na makatutulong ang pag-alaala sa katotohanang ito kapag may mga tanong tayo tungkol sa Simbahan na tila mahirap maunawaan.

Idispley o isulat sa pisara ang sumusunod na mga alituntunin:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Ipaliwanag na maaari tayong gabayan ng mga alituntuning ito sa paghahangad natin na matuto at maunawaan ang walang-hanggang katotohanan at malutas ang mga tanong o mga problema.

## Kumilos nang may Pananampalataya


Sabihin sa mga estudyante na tahimik na basahin ang alituntunin 1, "Kumilos nang may Pananampalataya," mula sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa kanila na hanapin at markahan ang mga alituntunin na tutulong sa kanila na masagot ang mga tanong nila at ng ibang tao tungkol sa Simbahan.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Kung hindi nila nabanggit ito, ituro ang sumusunod na alituntunin: **Kapag hinahangad natin na pagbutihin ang ating pang-unawa at malutas ang mga problema, mahalagang umasa tayo sa ating patotoo kay Jesucristo, sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo, at sa mga turo ng Kanyang inordenan na mga propeta.**

- Sa palagay ninyo, paano makatutulong sa atin ang mga alituntuning ito kapag taos-puso nating hinangad ang pang-unawa at mga kasagutan sa mahihirap na tanong at isyu?

Sabihin sa mga estudyante na magbahagi ng mga halimbawa kung kailan nakatulong sa kanila ang alinman sa mga alituntuning ito nang maharap sila sa isang isyu, suliranin, o tanong.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na kuwento ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung paano kumilos nang may pananampalataya ang dalagita nang maharap sa isang mahirap na sitwasyon.



"Kamakailan, nakausap ko ang isang Laurel na mula sa Estados Unidos. Ito ang sinabi niya sa email:

" 'Nitong nakaraang taon ilan sa mga kaibigan ko sa Facebook ang nagsimulang mag-post ng opinyon nila tungkol sa kasal. Marami ang pabor sa kasal ng parehong kasarian, at isinaad ng ilang kabataang LDS na "gusto" nila ang mga posting. Hindi ako nagbigay ng komento.

" 'Nagpasiya akong ipahayag sa maingat na paraan na naniniwala ako sa tradisyunal na kasal.

" 'Sa profile picture ko, idinagdag ko ang caption na "Naniniwala ako sa kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae." Agad akong nakatanggap ng mga mensahe. "Makasarili ka." "Mapanghusga ka." Ikinumpara pa ako ng isa sa isang taong may alipin. At natanggap ko ang

post na ito mula sa isang matalik na kaibigan na matatag na miyembro ng Simbahan: "Kailangan mong tumigil sa pagiging makaluma. Nagbabago ang lahat at dapat ay ikaw rin."

" 'Hindi ako lumaban,' sabi niya, 'pero hindi ko binawi ang sinabi ko.'

"Sabi niya sa huli: 'Kung minsan, tulad ng sabi ni Pangulong Monson, "Kailangan mong manindigang mag-isa." Umaasa ako na bilang mga kabataan, sama-sama tayong maninindigan sa pagiging tapat sa Diyos at sa mga turo ng Kanyang mga buhay na propeta' " ("Mga Espirituwal na Buhawi," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 19–20).

- Sa paanong paraan kumilos nang may pananampalataya ang dalagita nang maharap siya sa isang mahirap na sitwasyon?
- Naharap na rin ba kayo sa gayon ding pambabatikos dahil nanindigan kayo sa inyong mga pinaniniwalaan? Paano kayo tumugon?

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi sa klase kung paanong ang paghawak nila nang mahigpit sa mga bagay na alam na nila at pagiging matatag sa harap ng mga pagsubok ay nagpala sa kanilang buhay at nagpalakas sa kanilang mga patotoo (tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako" *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 94). Hikayatin ang mga estudyante na maging determinado na palaging maging matapat sa kanilang patotoo sa mga turo ni Jesucristo at ng Kanyang mga propeta (tingnan sa Joseph Smith Translation, Luke 14:28).

### Suriin ang mga Konsepto at mga Tanong nang May Walang-hanggang Pananaw

Ipaliwanag na naharap ang mga tao sa panahon ni Apostol Pablo sa parehong mga katanungan at pagsubok na katulad ng nararanasan natin ngayon. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang I Mga Taga Corinto 2:5, 9–11, na inaalam kung ano ang itinuro ni Pablo na kinakailangan ng mga tao upang maunawaan ang espirituwal na katotohanan.


Sabihin sa mga estudyante na ibuod ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa paraan kung paano natin mauunawaan ang espirituwal na katotohanan. Tulungan silang maunawaan na sa pamamagitan lamang ng Espiritu ng Diyos natin malalaman "ang malalalim na mga bagay ng Dios" (I Mga Taga Corinto 2:10)—na nangangahulugan na ang mga katotohanan ay maaari lamang maunawaan sa pamamagitan ng paghahayag.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang alituntunin 2, "Suriin ang mga Konsepto at mga Tanong nang may Walang-hanggang Pananaw" sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano natin mahihingi ang tulong ng Espiritu at masusuri ang mga konsepto at tanong nang may walang-hanggang pananaw.

Sabihin sa mga estudyante na tukuyin ang mga katotohanan na nakalista sa ilalim ng alituntunin 2 na nakatutulong sa kanila na maunawaan kung paano pinakamainam na masusuri ang mga dumarating na tanong sa kanila. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. (Maaaring maisagot ng mga estudyante ang alituntunin na katulad ng sumusunod: **Ang pagkakaroon ng walang-hanggang**

**pananaw ay nagtutulot sa atin na makabuo ng mga tanong at makita ang mga ideya ayon sa pamantayan ng katotohanan ng Panginoon at hindi ayon sa mga ideya o haka-haka ng mundo. Kapag nanatili tayong matatag na nagtitiwala sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang plano ng kaligtasan, makikita natin ang mga problema nang mas malinaw.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan kung paano makatutulong ang mga alituntuning ito kapag pinag-isipan natin ang ating mga tanong at ang mga tanong ng iba, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa mga estudyante na pakinggan kung bakit mahalagang isaalang-alang ang mga kaisipan o paniniwala na pinagbatayan ng mga tanong. (Maaari mong bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng pahayag na ito.)



"Dahil sa ating kaalaman sa [plano ng kaligtasan] at sa iba pang mga katotohanan na inihayag ng Diyos, nagsisimula tayo sa iba-ibang mga kaisipan [o paniniwala] di-tulad ng mga taong hindi nalalaman ito. Dahil dito, nagkakaroon tayo ng iba-ibang konklusyon sa maraming mahahalagang paksa na hinuhusgahan lamang ng iba batay sa kanilang mga opinyon tungkol sa buhay sa mundo. …

"… Mas makabubuting tumugon [tayo] sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga ideya ng mundo o sa iniisip sa [atin] ng [iba], at pagkatapos sa pagtukoy sa iba-ibang mga kaisipan o ideya na gumagabay sa mga iniisip ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi ito hahantong sa pakikipagtalo sa mga taong iba ang paniniwala sa atin, at maiiwasan sa pag-uusap ang panghuhusga na mauuwi sa pagtukoy ng talagang pinagmumulan ng di-pagkakaunawaan" ("As He Thinketh in His Heart" [isang gabing kasama ni Elder Dallin H. Oaks, Peb. 8, 2013], broadcasts.lds.org).

- Paano naaapektuhan ng ating mga paniniwala o iniisip ang mga tanong at ang mga nagiging konklusyon natin? (Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ang isang taong nagsimula sa pagtatanong ayon sa iniisip ng mundo ay malamang na humantong sa mga konklusyon na batay rin sa kaisipan ng mundo. Gayunman, dahil ninanais nating maunawaan ang walang-hanggang katotohanan, mahalagang isaalang-alang ang mga tanong sa konteksto ng kung ano ang nalalaman na natin tungkol sa Diyos at sa Kanyang plano ng kaligtasan.)

Ipaliwanag na ang ating kaalaman sa Diyos at sa Kanyang plano ng kaligtasan ay tumutulong sa atin na maunawaan ang layunin ng mga kautusan na ibinigay Niya sa atin. Kabaligtaran nito, ang mga taong hindi nalalaman ang tungkol sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit ay may ibang pananaw sa mga kautusan na di-tulad ng pananaw natin sa mga ito.

Para ipakita ang kaugnayan ng mga iniisip at mga tanong ng isang tao at ang mga konklusyon na kahahantungan nito, isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Bakit pinipigilan o inaalisan tayo ng karapatan ng isang mapagmahal na Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng mga kautusan sa halip na hayaan tayong maging malaya sa paggawa ng anumang makapagpapasaya sa atin?*

- Ano ang iniisip ng isang taong nagtatanong ng ganito?

- Anong mga katotohanan ang nalalaman natin tungkol sa Ama sa Langit at sa Kanyang plano para sa atin na tumutulong sa atin na pag-isipan ang tanong na ito ayon sa Kanyang pananaw?
- Paano binabago ng walang-hanggang pananaw na ito ang ating pagkaunawa sa problemang ito?

Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng mga tanong o mga isyu na mahalagang pag-isipan nang may walang-hanggang pananaw. Maaari mong isulat ang kanilang mga sagot sa pisara. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano makatutulong ang alituntunin ng pagsusuri ng mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw upang mas malinaw na maunawaan ang mga tanong at mga isyu na tinukoy at sinuri nila ayon sa pamantayan ng katotohanan ng Panginoon. Bilang bahagi ng inyong talakayan, maaari kang magbigay ng mga karagdagang tanong na tulad ng mga sumusunod:

- Kapag tinatanong kayo tungkol sa Simbahan, paano kayo natutulungan ng pagkakaroon ng espirituwal na saksi, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa Panunumbalik, sa pagtawag ng Diyos kay Propetang Joseph Smith, at sa katotohanan ng Aklat ni Mormon?
- Paano nakakaapekto sa inyong pananaw ang kaalaman ninyo na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos at ang pamilya ang sentro sa Kanyang plano kapag tinututulan at sinasalungat ng lipunan ang kahulugan ng kasal na sa pagitan lamang ng isang lalaki at isang babae?

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi kung paano nila o ng isang kakilala nila mas naunawaan ang isang ideya, turo, o tanong nang pag-isipan nila ito nang may walang-hanggang pananaw. Maaari ka ring magbahagi ng sarili mong karanasan.

### Hangarin na Mas Makaunawa sa Pamamagitan ng mga Itinalagang Tulong o Sources na Ibinigay ng Diyos

Ipaalala sa mga estudyante ang tula na base sa isang sinaunang talinghaga na pinamagatang "Ang mga Bulag na Lalaki at ang Elepante" na binasa mula sa pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa bahagi 1 ng "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" na materyal sa pagtuturo na ito, Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano ipinapakita sa tula ang hamon sa pagtuklas at pag-unawa ng katotohanan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang alituntunin 3, "Hangarin na Mas Makaunawa sa Pamamagitan ng mga Itinalagang Tulong o Sources na Ibinigay ng Diyos" sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang ibinigay sa atin ng Diyos upang tulungan tayo na matuklasan at maunawaan ang katotohanan. Maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang nalaman nila.

- Ano ang ibinigay sa atin ng Diyos upang tulungan tayo na matuklasan at maunawaan ang katotohanan?
- Ano ang mga pagpapala na maaari nating matanggap kapag bumaling tayo sa mga ibinigay na tulong o sources ng Panginoon? (Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari mong imungkahi sa mga estudyante na markahan ang mga

sumusunod na alituntunin: **Kapag bumaling tayo sa mga ibinigay na tulong o sources ng Panginoon para sa mga sagot at patnubay, mabibiyayaan tayo na malaman ang tama at ang mali.**)

- Paano inilarawan ng tula tungkol sa mga bulag na lalaki at elepante ang pangangailangan na bumaling tayo sa mga ibinigay na tulong o sources ng Diyos para makatanggap ng mga sagot at patnubay?

Ituon ang pansin ng mga estudyante sa unang pangungusap ng ikalawang talata sa ilalim ng alituntunin 3, "Hangarin na Mas Makaunawa sa Pamamagitan ng mga Itinalagang Tulong o Sources na Ibinigay ng Diyos," na nagsasabing, "Matututuhan din natin ang katotohanan sa pamamagitan ng iba pang mapagkakatiwalaang tulong o sources."

- Paano natin makikilala ang katotohanan na matatagpuan sa ibang mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng impormasyon?
- Bakit mahalagang mag-ingat sa mga di-mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng impormasyon?

Sabihin sa mga estudyante na magbahagi ng mga halimbawa kung paano sila pinagpala ng kanilang paghahanap ng mga sagot mula sa mga banal na tulong o sources kapag nahaharap sila sa isang tanong o isyu. Maaari kang maghandang magbahagi ng sarili mong halimbawa.

Maaari mong sabihin sa mga estudyante ang tungkol sa (at kung posible, ay ipakita sa kanila ang) website na mormonnewsroom.org, kung saan nililinaw ng Simbahan ang mga impormasyon tungkol sa iba-ibang isyung gustong malaman ng publiko na may kaugnayan sa Simbahan at itinatama ang di-patas o maling impormasyon na ikinakalat sa pamamagitan ng media. Maaari mo ring ipakita sa mga estudyante ang page ng Simbahan na Gospel Topics sa topics.lds.org. Ang mga nakasulat sa Gospel Topics ay mahahalaga at tuwiran o walang-ligoy na mga impormasyon sa maraming mahihirap na isyu tungkol sa kasaysayan at doktrina.

Ipaliwanag na sa buong school year, bukod sa pag-aaral ng Bagong Tipan ayon sa pagkakasunod-sunod nito, pag-aaralan din nila ang siyam na paksa ng doktrina mula sa *Doctrinal Mastery Core Document* (na nakaayon sa mga paksa sa pang-Linggong kurikulum ng mga kabataan) at ang mga doctrinal mastery passage ng Bagong Tipan na nauugnay sa bawat paksa. Sa pag-aaral ng bawat paksa, gagamitin nila ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman na tinalakay sa lesson na ito upang mapag-isipan ang mga totoong tanong, isyu, at mga pagkakataon na maisabuhay ang mga ito.

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsasabuhay ng mga alituntuning ito kapag tayo ay nahaharap sa mahihirap na konsepto o tanong. Tiyakin sa mga estudyante na nais ng Panginoon na turuan sila sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Kapag lumapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, ipagkakaloob Niya sa atin ang mga sagot at magbibigay ng patnubay sa ating buhay.

### Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Isiping gamitin ang sumusunod na aktibidad sa hiwalay na sesyon ng klase upang tulungan ang mga estudyante na rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage ng

Bagong Tipan na tinukoy sa bahagi 1 at 2 ng learning experience na ito tungkol sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman.

Bago magklase, isulat sa pisara ang mga sumusunod na doctrinal mastery passage: *Juan 7:17; I Mga Taga Corinto 2:5, 9–11; II Kay Timoteo 3:15–17; Santiago 1:5–6.*

Sabihin sa mga estudyante na bumuo ng grupo na may tigdadalawa o tigtatatlong miyembro. Mag-assign sa bawat grupo ng isa sa mga doctrinal mastery passage sa pisara. Sabihin sa kanila na basahin nang sama-sama sa grupo ang mga talata at sabihin sa kanila na tukuyin ang doktrinang itinuturo rito.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. (Maaari kang sumangguni sa materyal na makikita sa simula ng learning experience na ito o sa mga kaugnay na lesson sa *Manwal ng Bagong Tipan para sa Seminary Teacher* upang makita ang mga halimbawa kung paano ipinahahayag ang nauugnay na mga katotohanan sa mga banal na kasulatang ito.)

Pagkatapos, sabihin sa mga estudyante na makipagtulungan sa kanilang grupo at pumili ng ilang salita mula sa talata na pinakamainam na kumakatawan sa doktrinang itinuro. Halimbawa, para sa Santiago 1:5, maaaring piliin ng mga estudyante ang mga salitang *nagkukulang, kaalaman, humiling,* at *Diyos.*

Simula sa grupo na naka-assign sa Juan 7:17, sabihin sa isang estudyante sa grupo na isulat sa pisara ang mga salitang napili nila mula sa naka-assign na talata sa kanila at ipaliwanag kung bakit ang mga iyon ang kanilang napili. (Kung mahigit sa isang grupo ang naka-assign sa iisang scripture reference, ipasulat sa pisara sa isang miyembro mula sa bawat grupo ang kanilang mga salita. Kung magkakaiba ang mga salita, sabihin sa mga estudyante na magkasundo kung anong mga salita ang gagamitin.) Bilang isang klase, bigkasin muli ang scripture referrence at ang mga salita sa pisara. Ulitin ito sa tatlong natitirang scripture passage.

Sa simula ng mga susunod na klase, maaari mong rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage na ito at ang mga salita na pinili ng mga estudyante para sa bawat passage.

# Ang Panguluhang Diyos

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa loob ng isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (35 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Ipaliwanag na bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nabiyayaan tayo ng malinaw na kaalaman tungkol sa mga gawain ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, at ng Espiritu Santo.

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-tatatlo o tig-aapat na miyembro. Bigyan ang bawat grupo ng kopya ng mga sumusunod na tagubilin, at sabihin sa kanila na kumpletuhin ang aktibidad ayon sa nakasaad:

> Hanapin ang paksa ng doktrina 1 "Ang Panguluhang Diyos," sa inyong kopya ng *Doctrinal Mastery Core Document.* Magsalitan sa pagbasa nang malakas ng mga talata sa ilalim ng paksang ito, na inaalam ang mga impormasyon tungkol sa Panguluhang Diyos.
>
> Pagkatapos ninyong magbasa, pasagutan sa bawat miyembro ng grupo ang isa sa sumusunod na mga tanong:
>
> - Ano ang bagong natutuhan mo tungkol sa Panguluhang Diyos o sa isa sa mga miyembro nito?
> - Anong partikular na doktrina tungkol sa Panguluhang Diyos o sa isa sa mga miyembro nito ang sa tingin mo ay mahalagang maunawaan? Bakit?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ibahagi sa klase ang mga tinalakay nila sa grupo.

### Bahagi 2 (5 minuto)

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 1 "Ang Panguluhang Diyos," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Pagkatapos ay itanong:

- Anong talata ang ginamit para ituro ang doktrina na ang Diyos ay Ama ng ating mga espiritu? (Sa Mga Hebreo 12:9.)

Ipabuklat sa mga estudyante ang Sa Mga Hebreo 12:9. Ipaliwanag na ang talatang ito ay naglalaman ng tagubilin mula kay Apostol Pablo sa mga Judio na miyembro ng Simbahan sa kanyang panahon. Hinangad ni Pablo na tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na maunawaan kung paano tutugon sa mga pagpaparusa, o pagtutuwid, at tagubilin ng Diyos (tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:7).

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Sa Mga Hebreo 12:9. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung anong titulo ang ginamit ni Pablo para sa Diyos.

- Anong titulo ang ginamit ni Pablo para tukuyin ang Diyos?

Maaari mong sabihin sa mga estudyante na isulat ang sumusunod na katotohanan sa kanilang banal na kasulatan sa tabi ng Sa Mga Hebreo 12:9: **Ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu.** Dahil ito ay isang doctrinal mastery passage, imungkahi sa kanila na markahan ang Sa Mga Hebreo 12:9 sa paraang madali nila itong mahanap.

### Bahagi 3 (10 minuto)

Sama-samang basahin nang malakas bilang klase ang Sa Mga Hebreo 12:9. Sabihin sa mga estudyante na ilahad ang doktrina tungkol sa Diyos na natutuhan natin mula sa talatang ito.

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang doktrina na ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu, sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng mga talata mula sa sumusunod na pahayag sa bahaging Gospel Topics sa LDS.org. (Kung posible, maaari mong ipakita sa mga estudyante kung paano gamitin ang Gospel Topics para malaman nila kung paano nila mismo mahahanap ang mga pahayag.)

> "Itinuturo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na ang lahat ng tao, lalaki man o babae, ay mga minamahal na espiritung anak ng mga magulang sa langit, na kinabibilangan ng isang Ama sa Langit at isang Ina sa Langit. …
>
> "Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay sumasamba sa Ama sa Langit, sa pangalan ni Jesucristo, at hindi nagdarasal sa Ina sa Langit. Sa paggawa nito, sinusunod nila ang huwarang itinakda ni Jesucristo, na nagturo sa Kanyang mga disipulo na 'lagi[ng] … manalangin sa Ama sa aking ngalan' [3 Nephi 18:19–21]. Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay tinuruan na manalangin sa Ama sa Langit, at sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, 'Ang katotohanang hindi tayo nananalangin sa ating Ina sa Langit ay hindi nakapagpapababa o kawalan ng paggalang sa kanya' ["Daughters of God," *Ensign,* Nob. 1991, 100].
>
> "Tulad ng maraming iba pang katotohanan ng ebanghelyo, ang nalalaman natin sa kasalukuyan tungkol sa ating Ina sa Langit ay limitado. Gayunman, binigyan tayo ng sapat na kaalaman upang malugod sa kasagraduhan ng doktrinang ito at upang maunawaan ang banal na huwarang itinatag para sa atin bilang mga anak ng mga magulang sa langit" (Gospel Topics, "Mother in Heaven," lds.org/topics).

- Bakit mahalagang malaman na mayroon tayong Ama at Ina sa Langit?

### Bahagi 4 (10 minuto)

Upang marebyu ang Sa Mga Hebreo 12:9 at ang doktrina na ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu, bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng mga sumusunod na instruksyon, at ipatapos sa kanila ang aktibidad:

> Basahin at isiping mabuti ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol:
>
> "Ikaw ay anak ng Diyos. Siya ang ama ng iyong espiritu. Espirituwal na marangal ang iyong pinagmulan, ang anak ng Hari ng Langit. Panatilihin sa isipan ang katotohanang iyan at panghawakan ito. Gaano man karaming salinlahi mayroon ang iyong mga mortal na ninuno, ano

mang lahi o tao ang iyong kinakatawan, ang talaangkanan ng iyong espiritu ay maisusulat sa isang linya. Ikaw ay anak ng Diyos!" ("To Young Women and Men," *Ensign,* Mayo 1989, 54).

Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa iyong study journal o notebook:

- Paano mo nalaman na ikaw ay anak ng Diyos?
- Dahil alam mo na ang Diyos ang ama ng iyong espiritu, paano ito nakaaapekto sa nadarama mo tungkol sa iyong sarili at sa mga pasiyang gagawin mo?
- Paano naiimpluwensyahan ng pagkaunawa na ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu ang paraan ng iyong pagtingin at pagtrato sa iba?

Pagkatapos ng sapat na oras, tumawag ng isa o dalawang estudyante na komportableng magbahagi ng kanilang isinulat sa klase.

Maaari mong gamitin ang ilang minuto sa simula ng mga susunod na lesson, marahil sa debosyonal ng klase, para makapagbahagi ang ibang mga estudyante ng isinulat nila sa aktibidad na ito. Kung gagawin mo ito, sabihin sa unang estudyante na magbabahagi na basahin nang malakas ang Sa Mga Hebreo 12:9 at muling sabihin ang doktrina na ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu. Ang pag-uulit ng talata at doktrinang ito ay makatutulong sa mga estudyante na maalala ang katotohanang ito.

## Mga Pagsasanay (12–15 minuto)

Ipabuklat sa mga estudyante ang bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa kanilang kopya ng *Doctrinal Mastery Core Document.* Rebyuhin ang kahulugan ng tatlong alituntunin: kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.

Hatiin ang klase sa mga grupo na may dalawa o tatlong miyembro. Bigyan ang bawat grupo ng kopya ng mga sumusunod na instruksyon, at ipagawa sa kanila ang aktibidad:

1. Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon, at isipin kung naramdaman mo na noon ang nadama ng dalagita:

   Si Leah ay nagkaroon ng ilang problema sa kanyang pamilya at sa kanyang pakikipag-ugnayan sa ilan sa kanyang mga kaibigan. Lumuhod siya isang gabi para manalangin ngunit hindi nasimulan ang kanyang pagdarasal. Dahil sa kabiguan ay nasabi niya sa kanyang sarili, "Bakit pinabayaan na ako ng Diyos?" Umupo siya sa kanyang kama at inisip ang mga pinagdaanang hirap niya kamakailan, iniisip na ang bawat isa sa mga ito ay katibayan na pinabayaan siya ng Diyos.

   Pagkaraan ng ilang araw habang nasa isang aktibidad ng mga kabataan, isang lider ng Young Women ang nangumusta kay Leah. Sumagot si Leah, "Hindi po mabuti. Napakahirap ng buhay ko ngayon." Patuloy na nagtanong ang lider ni Leah, at kalaunan ay ibinahagi ni Leah ang tungkol sa kanyang nararamdaman na pinabayaan na siya ng Diyos.

2. Talakayin ang sumusunod na mga tanong sa grupo:

- Kung kayo ang lider ni Leah, paano ninyo siya matutulungan na kumilos nang may pananampalataya, suriin ang kanyang problema nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos?

3. Patuloy na basahin nang malakas ang sitwasyon:

   Nagpakita ng taos-pusong pag-aalala ang lider ni Leah at nagtanong, "Mayroon bang pagkakataon na nadama mong nagmamalasakit sa iyo ang Diyos?"

   Nag-isip si Leah nang ilang sandali at naalala ang ilang karanasan na sinagot ng Diyos ang kanyang mga dalangin. Binanggit niya ang mga ito sa kanyang lider. Sinabi ng kanyang lider, "Salamat sa pagbabahagi ng mga karanasang iyan sa akin. Alam kong ang Diyos ang ating Ama at mahal Niya tayo. At alam kong mahal ka Niya at nagmamalasakit Siya sa iyo. Ngunit minsan ay mahirap madama ang Kanyang pagmamahal kung hindi tayo nagsisikap na mapalapit sa Kanya. Ano ang nagawa mo nitong mga huling araw para mapalapit ka sa Ama sa Langit?"

   "Kadalasan po ay nagdarasal ako sa gabi. Pero hindi ko pa po talaga naipagdasal sa Ama sa Langit ang tungkol sa mga problema ko," sagot ni Leah.

   "Dahil ikaw ay Kanyang anak, gustung-gusto ng Ama sa Langit na makarinig mula sa iyo. Magdarasal ka ba at sasabihin sa Kanya ang iyong mga problema at tanong?" tanong ng lider ni Leah.

   "Opo," sagot ni Leah. Sabi pa niya, "Salamat po. Kailangan ko po ang paalalang iyan."

4. Talakayin ang mga sumusunod na tanong bilang grupo:

   - Sa palagay ninyo, paano makikinabang si Leah sa kanyang desisyon na kumilos nang may pananampalataya?
   - Ano ang mga nalalaman ninyo tungkol sa Diyos na makatutulong sa inyo sa panahong maaaring nararamdaman ninyong malayo kayo sa Kanya o iniisip na pinabayaan Niya kayo sa inyong mga problema?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang tinalakay sa kanilang grupo.

Maaari kang magtapos sa pagpapatotoo na ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu at nagmamahal at nagmamalasakit Siya sa bawat isa sa atin na Kanyang mga anak. Sabihin sa mga estudyante na palaging alalahanin na sila ay mga anak ng Diyos.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Ilista sa pisara ang bawat doctrinal mastery passage sa Bagong Tipan na kailangang matutuhan ng mga estudyante sa kursong ito. Bigyan ng isang doctrinal mastery passage ang bawat estudyante. Sabihin sa mga estudyante na sumulat ng isang sitwasyon o paglalarawan ng isang sitwasyon sa isang papel kung saan ang mga alituntunin at katotohanang nakapaloob sa kanilang doctrinal mastery passage ay maisasabuhay.

Kapag tapos na ang mga estudyante, kolektahin ang isinulat nilang mga sitwasyon. Basahin nang malakas ang isang sitwasyon, at ipatukoy sa mga estudyante ang isang doctrinal mastery passage na makatutulong sa pagtugon sa sitwasyong iyon. Sundan ito ng pag-anyaya sa kanila na ipaliwanag kung paano maisasabuhay ang mga katotohanang itinuro sa kanilang doctrinal mastery passage. Ulitin ang

aktibidad sa pagbabasa nang malakas ng ibang sitwasyon. Maaari mo ring ilahad ang ilan sa mga sitwasyon sa simula at sa katapusan ng lesson sa darating na linggo.

# Ang Plano ng Kaligtasan

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (60–70 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Ituro na maraming tao sa buong mundo ang hindi tumpak o hindi kumpleto ang pagkaunawa sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit. Gayunman, bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay biniyayaan ng kaalaman ukol sa mga banal na kasulatan at mga turo ng propeta na tumutulong sa atin na maunawaan ang plano ng Ama sa Langit.

Ipadrowing sa mga estudyante ang plano ng kaligtasan na kinabibilangan ng buhay bago ang buhay sa mundo, buhay sa mundo, at kabilang-buhay. Kapag natapos na sila, pagpartner-partnerin ang mga estudyante, at ipabasa sa kanila ang paksa ng doktrina 2, "Ang Plano ng Kaligtasan," sa *Doctrinal Mastery Core Document,* na naghahanap ng mga karagdagang detalye na maidaragdag sa kanilang mga drowing. Sabihin sa kanila na ipaliwanag sa kanilang kapartner ang anumang karagdagang detalye na nahanap nila at kung paano tayo natutulungan ng mga detalyeng ito na mas maunawaan ang plano ng Diyos.

### Bahagi 2 (10 minuto)

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 2, "Ang Plano ng Kaligtasan," sa *Doctrinal Mastery Core Document* at pamarkahan ang mga pahayag ng doktrina na sinusuportahan ng mga scripture reference na mula sa Bagong Tipan. Kabilang dito ang sumusunod:

- **Para maisagawa ang planong ito at maging katulad ng ating Ama sa Langit, dapat natin Siyang makilala at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at magkaroon ng tamang pagkaunawa sa Kanilang mga banal na katangian** (tingnan sa Juan 17:3).
- **Ang ating mga katawan ay sagrado at dapat igalang bilang kaloob o regalo mula sa ating Ama sa Langit** (tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:19–20).
- **Bawat tao ay magkakaroon kalaunan ng pagkakataon na malaman ang mga alituntunin ng ebanghelyo at matanggap ang mga ordenansa at tipan nito. Marami sa matatapat ang mangangaral ng ebanghelyo sa mga nasa bilangguan ng mga espiritu. Ang mga yaong pipiliin na tanggapin ang ebanghelyo, magsisisi, at tatanggap sa mga ordenansa ng kaligtasan na isinagawa para sa kanila sa mga templo ay mananahan sa paraiso hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli** (tingnan sa I Ni Pedro 4:6).
- **Bawat taong isinilang sa mundo ay mabubuhay na muli dahil nadaig ni Jesucristo ang pisikal na kamatayan** (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–22).
- **Ang Huling Paghuhukom ay magaganap pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli. Hahatulan ni Jesucristo ang bawat tao para malaman nila ang**

**walang-hanggang kaluwalhatian na matatanggap nila. Ang paghatol ay ibabatay sa hangarin at pagsunod ng bawat tao sa mga utos ng Diyos** (tingnan sa Apocalipsis 20:12).

- **May tatlong kaharian ng kaluwalhatian: ang kahariang selestiyal, ang kahariang terestriyal, at ang kahariang telestiyal** (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–42).

### Bahagi 3 (20–25 minuto)

Piliin ang ilan o lahat ng pahayag ng doktrina at mga doctrinal mastery passage na nakalista sa itaas na gagamitin sa kasunod na aktibidad. Kung pipiliin mong talakayin ang ilan lamang sa mga pahayag, ulitin ang aktibidad para sa natitirang mga pahayag ng doktrina at mga doctrinal mastery passage sa mga susunod na araw.

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay sasagutin nila ang mga tanong ng isang kaibigan tungkol sa plano ng kaligtasan. Pagpartner-partnerin ang mga estudyante o bumuo ng maliliit na grupo sa klase para pag-aralan ang mga doctrinal mastery passage na pinili mo. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong para matalakay ng mga estudyante habang inaaral nila ang bawat talata:

- *Paano mo gagamitin ang doctrinal mastery passage para ipaliwanag ang pahayag ng doktrina na sinusuportahan nito sa Doctrinal Mastery Core Document?*
- *Sa anong mga paraan makatutulong ang mga banal na kasulatan at ang doktrina sa isang taong walang masyadong nalalaman tungkol sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit?*
- *Paano maaaring makaapekto ang doktrina at mga turo sa doctrinal mastery passage sa kung paano ninyo pipiliing mamuhay ngayon?*

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang mga sagot nila. Para mahikayat ang mas malalim na talakayan at pag-unawa, maaari kayong magbigay ng karagdagang mga tanong tulad ng mga sumusunod:

- Bakit mahalaga na maunawaan natin at ng ibang tao sa mundo ang mga doktrinang ito?
- Anong mga tanong tungkol sa plano ng ating Ama sa Langit ang sinasagot ng mga doktrinang ito?

### Bahagi 4 (20–25 minuto)

Isulat ang bawat isa sa sumusunod na mga tanong sa magkakahiwalay na index card o piraso ng papel at ilagay nang pataob ang mga card sa isang mesa sa silid-aralan:

- *Kung kailangang tanggapin ng isang tao ang ebanghelyo ni Jesucristo para maligtas, ano ang mangyayari sa mga taong namatay na hindi nalalaman ang tungkol sa ebanghelyo?*

- *Sino ang mabubuhay na muli?*
- *Bakit dapat kong ipagpasalamat na mayroon akong katawan kahit mayroon itong mga problema?*
- *Narinig ko na ang lahat ng tao kalaunan ay pupunta sa langit o sa impiyerno. Totoo ba ito?*
- *Ano ang pinakamahalagang kaalaman na maaari kong matamo?*
- *Paano makakaapekto ang mga pagpili ko sa buhay na ito sa mangyayari sa akin kapag namatay ako?*

Kung kinakailangan, rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage sa Bagong Tipan na nauugnay sa paksa ng doktrina 2, "Ang Plano ng Kaligtasan." Maaari mong isulat sa pisara ang mga reperensya sa mga talatang ito: *Juan 17:3; I Mga Taga Corinto 6:19–20; I Mga Taga Corinto 15:20–22; I Mga Taga Corinto 15:40–42; I Ni Pedro 4:6; Apocalipsis 20:12.*

Pagpartnerin ang mga estudyante para magtulungan sa pagsagot. Papuntahin ang isang pares sa harapan ng klase. Ipaliwanag na ang buong klase ay kakatawan sa mga kaibigan na may mga tanong tungkol sa mga turo ng Simbahan. Ang mga card sa ibabaw ng mesa ang kakatawan sa mga tanong ng mga kaibigang ito tungkol sa plano ng kaligtasan. Sabihin sa magpartner na isipin kung paano sila tutugon sa mga tanong na ito gamit ang mga doctrinal mastery passage at mga pahayag ng doktrina na natutuhan nila tungkol sa plano ng kaligtasan. Papiliin ng isang card ang magkapartner at ipabasa ang tanong sa isa pang estudyante sa klase, at pagkatapos ay pasagutan sa magkapartner ang tanong gamit ang mga doctrinal mastery passage. Ulitin ang aktibidad ng pagsagot ng mga tanong sa iba pang pares ng mga estudyante. (*Paalala:* Para mapaikli ang oras sa aktibidad na ito, maaari mong pasagutan ang isa o higit pang mga tanong na ito sa iba't ibang araw, sa halip na pasagutan ang lahat ng mga ito sa iisang aktibidad.)

Magtapos sa pagtatanong sa mga estudyante kung paano napalakas sa aktibidad na ito ang kanilang pag-unawa at patotoo.

## Mga Pagsasanay (30–40 minuto)

Gamit ang bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document,* tulungan ang mga estudyante na magsanay na gamitin ang tatlong alituntunin—kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos—at gamitin ang mga ito sa mga pahayag ng doktrina na natutuhan nila tungkol sa plano ng kaligtasan. Matutulungan ka ng sumusunod na mga aktibidad na magawa ito. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring ituro sa parehong araw o sa ibang mga araw, depende sa inyong iskedyul at sa pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Pagsasanay 1 (20–25 minuto)

Basahin nang malakas ang kasunod na pahayag, at sabihin sa mga estudyante na kunwari ay isa itong post sa social media:

"Hindi ko nauunawaan ang mga Mormon. Bakit sila nabubuhay nang may napakaraming pagbabawal—walang tato o alak, hindi nakikipagtalik bago ikasal, disenteng damit lang ang puwede? Ang masasabi ko lang ay katawan at buhay ninyo ito. Kung wala naman kayong nasasaktan, gawin ninyo ang gusto ninyong gawin. Kailangang maging maluwag nang kaunti ang mga Mormon."

Ipasulat sa mga estudyante ang kanilang tugon sa social media post na ito. Hilingin sa kanila na gamitin ang I Mga Taga Corinto 6:19–20 at ang tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman sa kanilang mga sagot. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga alituntunin:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Para matulungan ang mga estudyante na magsanay na humanap ng karagdagang pag-unawa sa pamamagitan ng mga tulong o source na ibinigay ng Diyos, isiping ipahanap sa kanila ang mga karagdagang scripture passage sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Maaari din silang maghanap ng mga pahayag ng mga lider ng Simbahan na nagpapaliwanag sa kasagraduhan ng ating mga katawan. Kung mayroon, maaari silang gumamit ng mga electronic device para mag-search sa LDS.org, o maaari nilang hanapin ang mga pahayag na ito sa mga kopya ng mga magasin ng Simbahan. Maaari mong basahin nang malakas ang sumusunod na pahayag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang halimbawa:



"Yaong mga naniniwala na nagkataon lang at sanhi ng ebolusyon ang pagkalikha ng ating katawan ay hindi makadaramang may pananagutan sila sa Diyos o sa sinuman sa kahit anong gawin nila sa kanilang katawan. Gayunpaman, tayo na may patotoo tungkol sa mas malawak na katotohanan ng buhay bago tayo isinilang, ng mortal na buhay at kabilang buhay ay dapat kilalaning may tungkulin tayo sa Diyos dahil sa lubos na tagumpay ng Kanyang pisikal na paglikha. Sa mga salita ni Pablo:

" 'O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios, at hindi kayo sa inyong sarili?

" 'Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan, [at inyong espiritu] ang Dios' (I Mga Taga Corinto 6:19–20).

"Tinatanggap ang mga katotohanang ito …, tiyak na hindi natin papapangitin ang ating katawan sa pagpapatato, o pahihinain ito sa paggamit ng mga droga, o dumihan ito sa pangangalunya, pakikiapid, o kahalayan. Dahil ito ang katawan ng ating espiritu, napakahalagang pangalagaan natin ito sa abot ng ating makakaya. Dapat nating ilaan ang lakas at mga kakayahan nito upang makapaglingkod at maipalaganap ang gawain ni Cristo" ("Larawan ng Isang Buhay na Inilaan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 17).

Kapag natapos na sa pagsulat ang mga estudyante, ipabasa sa kanila ang kanilang mga sagot sa isa pang estudyante sa klase at sabihing talakayin kung paano nila ginamit ang tatlong alituntunin sa pagsagot sa tanong sa post. Ipabahagi sa kanila ang ilan sa kanilang mga sagot sa klase at talakayin kung paano ipinapakita ng mga sagot na ito ang mga alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman.

Magtapos sa pag-anyaya sa mga estudyante na pag-isipan kung paano sila mas mamumuhay ayon sa doktrina na pinag-aralan nila sa araw na ito.

### Pagsasanay 2 (10–15 minuto)

Rebyuhin sandali sa mga estudyante ang mga doctrinal mastery passage sa Bagong Tipan na tumutulong na maipaliwanag ang doktrina ng plano ng kaligtasan. Pagkatapos ay ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na mga sitwasyon sa klase. Sabihin sa klase na pag-isipan kung paano matutulungan ng mga doktrina ng plano si José sa kanyang mga pagpili:

“Bilisan mo pa,” sigaw ng coach kay José, na nawalan ng pagkakataon na makaiskor ng isang goal. Pinanood ni Sylvia ang kaibigang si José sa pagbalik nito sa bench, na halatang dismayado. Alam niya kung gaano nito kagusto na maging mahusay. Nagsikap siya na makasama sa soccer team. Hindi siya ang pinakamabilis o ang pinakamalakas sa team, ngunit may mga natatangi siyang kakayahan na hinangaan ng mga coach.

Sina José at Sylvia ay magkaibigan simula pa noong lumipat si José sa ward nina Sylvia ilang taon na ang nakararaan. Humanga si Sylvia hindi lamang sa kanyang kabaitan, kundi gayon din sa kanyang katapatan sa kanyang mga tungkulin sa priesthood. Nagpasalamat siya na mayroon siyang kaibigan na ang mga pinaniniwalaan ay gaya ng sa kanya.

Nakita ni Sylvia na kinuha ni José ang lalagyan nito ng tubig mula sa bag nito at kinuha ang isa sa mga berdeng tableta na nasa ilalim ng bag. Nalungkot siya nang makita niyang isinubo ni José ang tableta at saka uminom ng tubig. Ilan sa mga kaibigan niya ang nagbigay sa kanya ng ipinagbabawal na mga enhancer ilang araw na ang nakalipas. Sinabi ni José na naramdaman daw niyang mas lumakas siya sa paglalaro simula nang uminom siya nito.

Nakita rin ni Sylvia na may ininom na si José noong umagang iyon, at ngayon ay nagpasiya na siyang pagsabihan ito. “Alam mo na hindi tama na uminom ng mga iyan,” sabi ni Sylvia sa kanya, “at kung malaman iyan ng coach, tiyak na tatanggalin ka niya sa team.”

“Maliit na bagay lang ito,” sagot ni José. “Katawan ko ito, at titigil ako kapag nakahabol na ako sa lakas at bilis ng ibang manlalaro. Iba na lang ang pag-usapan natin.”

- Ano ang nakikita ninyong mga problema sa sitwasyong ito?
- Ano kaya ang mali sa mga iniisip at ginagawa ni José?
- Sa palagay ninyo, paano nakikita ni Sylvia ang sitwasyon?

Matapos sagutin ng mga estudyante ang mga tanong, ipaalala sa kanila ang tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman: kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may

walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng itinalagang mga tulong o sources na ibinigay ng Diyos.

Maaari mong ipasadula ang karugtong ng sitwasyong ito sa dalawang estudyante—ang isa ay bilang si Sylvia at ang isa ay bilang si José. Sabihin sa estudyante na gumaganap bilang Sylvia na ipakita kung paano niya gagamitin ang isa o higit pa sa tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman para tulungan si José na pag-isipang muli ang kanyang mga pasiya. Sabihin naman sa estudyante na gumaganap bilang José na maging mapag-isip at tapat sa pagsagot.

Matapos ang dula-dulaan, ipatukoy sa klase ang mga alituntuning naipakita. Maaari mo ring hayaan ang klase na magmungkahi kung paano mas mahusay na magagamit ang mga alituntunin sa dula-dulaan.

Hikayatin ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang patotoo sa doktrina at alituntuning itinuro sa aktibidad na ito.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Dapat rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage sa susunod na mga araw para tulungan ang mga estudyante na maalala at magamit ang mga ito. Humanap ng mga pagkakataon na marebyu ang mga scripture passage sa buong school year.

Ang kasunod na aktibidad ay ginawa upang tulungan ang mga estudyante na maalala ang anim na doctrinal mastery passage sa Bagong Tipan na nakalista sa paksa ng doktrina 2, "Ang Plano ng Kaligtasan," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Gayunman, maaari mong iakma ang aktibidad na ito para isama ang iba pang mga doctrinal mastery passage na natutuhan ng mga estudyante sa school year na ito.

Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng kasunod na quiz para sa doctrinal mastery passage para sa Bagong Tipan na tutulong sa atin na maunawaan ang doktrina ng plano ng kaligtasan. Maaaring kailanganin mong rebyuhin ang mga scripture passage na ito paminsan-minsan bago simulan ang aktibidad na ito para maging pamilyar ang mga estudyante sa mga reperensya at mahahalagang parirala sa teksto. Payagan ang mga estudyante na gamitin ang kanilang mga banal na kasulatan at ang paksa ng doktrina 2, "Ang Plano ng Kaligtasan," sa *Doctrinal Mastery Core Document* sa pag-aaral kasama ang kapartner sa loob ng ilang minuto bago mag-quiz. Pagkatapos ay ibigay ang quiz, na ipinapasulat sa mga estudyante ang tamang scripture reference sa patlang sa bawat numero.

Ipa-check ang quiz sa klase para masagot mo ang mga tanong o para makapagbigay ng karagdagang paliwanag tungkol sa mga talata.

1. ______________________"O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo?"
2. ______________________"At ang mga patay ay hinatulan ayon … [sa] mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa."

3. ______________________"Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin. … Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay."
4. ______________________"Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang evangelio."
5. ______________________"Sapagka't kung paanong kay [Adan] ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin."
6. ______________________"Ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."

Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga reperensya at mahahalagang pariralang ito. Maaari mong bigyan ang mga estudyante ng quiz tungkol sa mga scripture passage na ito sa iba pang paraan sa susunod na ilang linggo.

*Ang mga sagot sa quiz:* (1) I Mga Taga Corinto 6:19–20; (2) Apocalipsis 20:12; (3) I Mga Taga Corinto 15:40–42; (4) I Ni Pedro 4:6; (5) I Mga Taga Corinto 15:20–22; (6) Juan 17:3.

# Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

*Paalala:* Ang mga sumusunod na aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (65 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag: *Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, higit pa sa pagpapatawad ng ating mga kasalanan ang magagawa ni Jesucristo para sa atin.*

Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng karagdagang mga pagpapala na matatanggap natin dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas bukod pa sa pagpapatawad ng ating mga kasalanan. Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 3, "Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbabasa nang malakas ng unang limang talata. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga pagpapalang matatanggap natin dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sabihin sa mga estudyante na ireport ang natuklasan nila, at idagdag ang iba pang mga pagpapala na hindi nakasama sa listahan sa pisara.

Ituon ang atensyon ng mga estudyante sa ikaapat na talata, at sabihin sa kanila na markahan ang sumusunod na katotohanan: **Kapag lumalapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, palalakasin tayo ng Tagapagligtas para makayanan ang ating mga pasanin at maisakatuparan ang mga gawain na hindi natin magagawa nang mag-isa.**

- Anong uri ng mga pasanin at mga hamon ang maaaring makaharap natin sa buhay na ito na hindi bunga ng ating mga kasalanan?

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga hamong kinakaharap nila. Hikayatin sila na isipin, habang patuloy nilang pinag-aaralan ang tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kung paano sila makatatanggap ng lakas mula sa Tagapagligtas na tutulong sa pagharap nila sa kanilang mga problema.

### Bahagi 2 (5 minuto)

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante, at sabihin sa kanila na magkasamang basahin at markahan ang doctrinal mastery passage na Mateo 11:28–30. Sabihin sa kanila na talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Paano itinuro ng scripture passage na ito ang pahayag ng doktrina na natukoy natin kanina: Kapag lumalapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, palalakasin tayo ng Tagapagligtas para makayanan ang ating mga pasanin at maisakatuparan ang mga gawain na hindi natin magagawa nang mag-isa?
- Ano ang itinuturo ng scripture passage na ito tungkol sa ating responsibilidad?

- Ano ang itinuturo nito tungkol sa gagawin ng Tagapagligtas para sa atin kapag lumapit tayo sa Kanya?

### Bahagi 3 (5 minuto)

Magdispley o magbigay ng kopya ng sumusunod na mga pahayag ni Elder David A. Bednar at Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ipaliwanag na matutulungan tayo ng mga pahayag na ito ng mga Apostol na mas maunawaan ang paksa ng doctrinal mastery ukol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at lalo na ang doktrina na kapag lumalapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, palalakasin tayo ng Tagapagligtas para makayanan ang ating mga pasanin at maisakatuparan ang mga gawain na hindi natin magagawa nang mag-isa. Sabihin sa dalawang estudyante na basahin nang malakas ng bawat isa ang bawat pahayag. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano tayo napalalakas ng Tagapagligtas upang makayanan ang ating mga pasanin.



"Walang sakit ng katawan, walang espirituwal na sugat, walang paghihirap ng kaluluwa o sakit ng kalooban, walang karamdaman o kahinaan na nararanasan natin sa buhay na ito na hindi muna naranasan ng Tagapagligtas. Sa sandali ng kahinaan maaari nating ibulalas, 'Walang nakakaalam ng pinagdaraanan ko. Walang nakakaunawa.' Ngunit lubos itong nalalaman at nauunawaan ng Anak ng Diyos, dahil naranasan at pinasan na Niya ang mga pasanin ng bawat isa sa atin. At dahil sa Kanyang walang-katapusan at walang-hanggang sakripisyo (tingnan sa Alma 34:14), ganap ang Kanyang pagdamay at maiuunat Niya sa atin ang Kanyang bisig ng awa. Maaabot, maaantig, matutulungan, mapapagaling, at mapapalakas Niya tayo nang higit kaysa makakaya natin at matutulungan Niya tayong gawin ang hinding-hindi natin makakayang gawing mag-isa" (David A. Bednar, "Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang may Kagaanan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 90).



"Binibigyan din tayo ng Pagbabayad-sala ng lakas para matiis 'ang mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso,' dahil pinasan din ng ating Tagapagligtas 'ang mga pasakit at mga sakit ng kanyang mga tao' (Alma 7:11). Mga kapatid, kung hindi kayang pagalingin ng inyong pananampalataya at mga dalangin at ng kapangyarihan ng priesthood ang inyong sakit, tiyak na palalakasin kayo ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala upang matiis ang pasanin" (Dallin H. Oaks, "Pinagpapahinga Niya ang mga Nangabibigatang Lubha," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 9).

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang isang linya o ideya na kapansin-pansin sa kanila at kung paano nito nadaragdagan ang kanilang pagkaunawa sa mga pagpapala na maaari nating matamo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

- Paano kayo nabiyayaan o ang isang kakilala ninyo ng ganitong uri ng tulong at lakas mula sa Tagapagligtas?

Maaari kang magtapos sa pagbabahagi ng iyong patotoo sa kapangyarihan ng Tagapagligtas na mapalakas tayo kapag lumapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya.

### Bahagi 4 (5 minuto)

Magsimula sa pagpapaliwanag na hindi nauunawaan ng maraming tao sa mundo ngayon, kabilang na ang mga Kristiyano, na si Jesucristo ay may nabuhay na mag-uling katawan na may laman at buto. Sabihin sa mga estudyante na isipin kung bakit mahalaga kung totoo o hindi na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli na may imortal na pisikal na katawan.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Lucas 24:36–39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang itinuturo nito tungkol sa nabuhay na mag-uling katawan ni Jesucristo. Sabihin sa kanila na ang Lucas 24:34–39 ay doctrinal mastery passage, at hikayatin silang markahan o lagyan ito ng tanda sa kakaibang paraan para madali itong mahanap.

- Ayon sa scripture passage na ito, ano ang ginawa ng Tagapagligtas upang patunayan sa Kanyang mga disipulo na Siya ay bumangon mula sa kamatayan na may niluwalhating pisikal na katawan?

Maaari mong ipasulat sa mga estudyante ang doktrinang **Si Jesucristo ay bumangon mula sa libingan na may niluwalhati at imortal na katawang may laman at buto** sa kanilang mga banal na kasulatan malapit sa Lucas 24:36–39.

### Bahagi 5 (5 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag ng doktrina at mga tanong:

*Si Jesucristo ay bumangon mula sa libingan na may niluwalhati at imortal na katawang may laman at buto.*

1. *Bakit may kakayahan si Jesucristo na maging unang nilalang na nabuhay na mag-uli?*
2. *Paano naaapektuhan ang buong sangkatauhan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo na may niluwalhati at imortal na katawang may laman at buto?*

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 3, "Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Hatiin sa dalawang grupo ang klase, at ipabasa nang tahimik sa isang grupo ang pangalawang talata, na hinahanap ang mga sagot sa unang tanong sa pisara. Sabihin sa natitirang grupo na basahin nang tahimik ang ikatlong talata na hinahanap ang mga sagot sa ikalawang tanong sa pisara.

Pagkatapos ng sapat na oras, ipabahagi sa mga nag-aral ng unang tanong ang kanilang mga ideya. Pagkatapos ay ipabahagi sa mga nag-aral ng pangalawang tanong ang kanilang natutuhan.

### Bahagi 6 (5 minuto)

Para matulungan ang mga estudyante na mapalalim ang kanilang pagkaunawa sa doktrina na si Jesucristo ay bumangon mula sa libingan na may niluwalhati at imortal na katawang may laman at buto, magdispley o magbigay ng mga kopya ng sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan.

Ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Pangulong Uchtdorf tungkol sa kung paano naapektuhan ang mga sinaunang Apostol nang makita nila ang nabuhay na mag-uling si Jesucristo.



"Sa mga oras kasunod ng Pagpako sa Kanya sa Krus, sila ay lubos na nawalan ng pag-asa at namighati, hindi nauunawaan ang katatapos lang na pangyayari. Ngunit isang kaganapan ang nagpabago sa lahat ng iyan. Nagpakita ang Panginoon sa kanila at sinabi, 'Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga' [Lucas 24:39].

"Nang makilala ng mga Apostol ang nagbangon na Cristo—nang makita nila ang maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli ng kanilang pinakamamahal na Tagapagligtas—sila ay nagbago. Walang anumang nakahadlang sa kanila sa pagtupad ng kanilang misyon. … Binago nila ang buhay ng mga tao sa lahat ng dako. Binago nila ang mundo" ("Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 76).

- Paano naapektuhan ang mga Apostol nang makita nilang nabuhay na mag-uli si Jesucristo?
- Sa paanong mga paraan maiimpluwensyahan ng inyong patotoo, na si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli na may niluwalhati at imortal na katawang may laman at buto, ang inyong buhay sa gayon ding paraan?

### Bahagi 7 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na katotohanan: **Sa pagbabayad para sa kaparusahan ng ating mga kasalanan, hindi inalis ni Jesucristo ang ating personal na responsibilidad.** Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito sa kanilang sariling salita.

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 3, "Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo," sa *Doctrinal Mastery Core Document* at ipabasa nang tahimik ang ikalimang talata, na nagsisimula sa pangungusap sa pisara. Hikayatin ang mga estudyante na maghanap ng mahahalagang kaalaman tungkol sa mga dapat nating gawin para makinabang sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

- Ano ang ating personal na responsibilidad upang matanggap ang buong pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? (Dapat tayong sumampalataya sa Kanya, magsisi, magpabinyag, tanggapin ang Espiritu Santo, at matapat na magtiis hanggang sa wakas ng ating buhay.)

Ipaliwanag na sa paksa ng doktrina 3, "Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo," ang mga bahaging "Pananampalataya kay Jesucristo," at "Pagsisisi" ay tutulong sa atin na mas maunawaan kung ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang mga pagpapala dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang bahaging "Pananampalataya kay Jesucristo" at sa isa pang estudyante ang bahaging "Pagsisisi." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at isulat ang mga ideyang mahalaga para sa kanila tungkol sa dapat nating gawin upang tanggapin ang sakripisyo ng Tagapagligtas. (*Paalala:* Maaari mong ipaliwanag na ang mga ordenansa ng binyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu

Santo at pagtupad sa mga tipan ay tatalakayin sa paksa ng doktrina 7, "Mga Ordenansa at mga Tipan.")

Matapos basahin ang mga bahaging tungkol sa pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi, ipabahagi sa mga estudyante ang mga pahayag ng doktrina at mga ideya na mahalaga sa kanila.

### Bahagi 8 (5 minuto)

Isulat sa pisara ang di-kumpletong pahayag na ito: *Ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo ay humahantong sa …*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang bahaging "Pananampalataya kay Jesucristo" sa paksa ng doktrina 3, "Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang makakukumpleto sa pangungusap sa pisara.

- Paano ninyo kukumpletuhin ang pangungusap sa pisara? (Matapos sumagot ng mga estudyante, kumpletuhin ang pangungusap sa pisara nang sa gayon ay maituro nito ang sumusunod na doktrina: **Ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo ay humahantong sa paggawa at naipapakita sa paraan ng ating pamumuhay.**)
- Bakit ang tunay na pananampalataya ay kailangang nakasentro sa Panginoong Jesucristo?
- Anong mga halimbawa sa mga banal na kasulatan ang nagpapakita kung paanong ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo ay humahantong sa paggawa ng kabutihan ng isang tao?

### Bahagi 9 (5 minuto)

Isulat sa pisara ang *Santiago 2:17–18*. Ipaliwanag na ito ay doctrinal mastery passage, at sabihin sa mga estudyante na hanapin ito sa kanilang mga banal na kasulatan, basahin ito nang tahimik, at markahan sa naiibang paraan. Maaari mo ring ipasulat sa mga estudyante ang sumusunod na pahayag ng doktrina sa kanilang mga banal na kasulatan malapit sa mga talatang ito: *Ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo ay humahantong sa paggawa at naipapakita sa paraan ng ating pamumuhay.*

### Bahagi 10 (10 minuto)

Hatiin ang klase sa mga grupo na may 3–4 na estudyante. Ipabasa nang malakas at sabay-sabay sa bawat grupo ang Santiago 2:17–18 at sabihing maging handa silang ibahagi sa klase ang kanilang mga sagot sa sumusunod na mga tanong. (Maaari mong idispley ang mga tanong o maghanda ng handout para sa bawat estudyante.) Bago magsimulang magbasa ang mga estudyante, maaaring makatulong na ipaliwanag sa klase na ang salitang *mga gawa* sa mga talatang ito ay tumutukoy sa mabubuting gawa.

- Sa inyong palagay, bakit ang pananampalatayang walang gawa (o mabubuting gawa) ay "patay"?
- Ano ang halimbawa ng mga gawaing kaakibat ng tunay na pananampalataya kay Jesucristo?

- Paano ninyo ituturo ang kaugnayan ng pananampalataya at mabubuting gawa sa isang limang-taong gulang na bata sa primary para maunawaan niya ito?

Pagkatapos ng sapat na oras, hilingin sa isa o dalawang grupo na ibahagi ang kanilang mga sagot sa unang tanong at sa isa o dalawang grupo na ibahagi ang kanilang mga pananaw tungkol sa ikalawang tanong. Pagkatapos ay hilingin sa kahit isang grupo na ituro ang kaugnayan ng pananampalataya at paggawa gaya sa pagtuturong gagawin nila sa isang bata.

Pagkatapos ng talakayan sa klase, maaari mong ibahagi ang iyong patotoo sa kapangyarihan ng pagsampalataya sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng ating mabubuting gawa.

## Pagsasanay (20 minuto)

Basahin ang sumusunod na sitwasyon sa mga estudyante:

Isang dalagitang Banal sa mga Huling Araw ang nagsisimulang pumili at kumilos nang salungat sa ilan sa mga pamantayan ng Simbahan, kabilang na ang batas ng kalinisang-puri. Binibigyang-katwiran niya ang kanyang ikinikilos sa pagsasabing walang sinuman ang perpekto at na patuloy pa rin siyang nagsisimba at dumadalo sa seminary at patuloy siyang sumasampalataya kay Jesucristo.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong o magbigay sa kanila ng handout at sabihin sa mga estudyante na talakayin ang mga ito sa maliliit na grupo:

*Pagkilos nang may pananampalataya*

- Kung ang dalagitang ito ay kaibigan ninyo, ano ang hihikayatin ninyong gawin niya para magamit ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo?

*Suriin ang mga alalahanin at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Anong mga katotohanan na nauugnay sa plano ng kaligtasan at pananampalataya kay Jesucristo ang makatutulong sa dalagitang ito na masuri nang mas mabuti ang kanyang mga pasiya at kilos?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Anong mga banal na kasulatan o mga turo ng propeta ang maibabahagi ninyo para tulungan ang dalagitang ito na maunawaan ang ibig sabihin ng pagpapakita ng kanyang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng kanyang mga gawa?

Patotohanan ang doktrina na ang tunay na pananampalataya kay Jesucristo ay humahantong sa pagkilos at naipakikita sa paraan ng ating pamumuhay.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Ang pag-unawa ng mga estudyante sa mga doctrinal mastery passage ay madaragdagan kapag sila ang gumagawa ng sarili nilang clue tungkol sa mga ito. Maaaring kabilang sa mga clue na ito ang mga tanong, mga key word o mahahalagang salita, mga sitwasyon, o mga aplikasyon o pagsasabuhay. Sabihin sa mga estudyante na magtulungan, bilang isang klase o sa maliliit na grupo, para

makasulat ng mga clue na tumutukoy sa partikular na mga doctrinal mastery passage. (Maaari kang pumili ng isang grupo ng mga doctrinal mastery passage na gusto mong pag-aralan o rebyuhin ng mga estudyante.) Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na magsalitan sa pagbasa sa iyo at sa buong klase ng kanilang mga clue. Isang puntos ang ibibigay sa sinumang makahula sa tamang doctrinal mastery passage—sa iyo o sa klase.

# Ang Panunumbalik

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (40 minuto)

### Bahagi 1 (6 na minuto)

Isulat sa pisara ang kasunod na tanong: *Bakit kinailangan ipanumbalik ang ebanghelyo?* Sabihin sa mga estudyante na talakayin ang tanong, at pagkatapos ay ipabuklat sa kanila ang paksa ng doktrina 4, "Ang Panunumbalik," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang bahaging tungkol sa "Apostasiya." Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang nangyari matapos ang Pagpapako sa Krus kay Jesucristo at ang pagkamatay ng Kanyang mga Apostol.

- Ano ang nangyari matapos ang Pagpapako sa Krus kay Jesucristo at ang pagkamatay ng Kanyang mga Apostol? (Tulungan ang mga estudyante na matukoy ang sumusunod na katotohanan ng doktrina: **Ang Malawakang Apostasiya ay naganap nang tumalikod ang mga tao sa katotohanan ng ebanghelyo at kinuha ng Panginoon ang awtoridad at mga susi ng priesthood sa lupa.**)
- Ano ang ilan sa mga problema na naidulot ng Malawakang Apostasiya na inilarawan sa bahaging kababasa lamang natin?

### Bahagi 2 (8 minuto)

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 4, "Ang Panunumbalik," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa mga estudyante na basahin nang mabilis ang bahaging "Apostasiya" at alalahanin ang doktrina na natukoy nila kanina tungkol sa Malawakang Apostasiya. Pagkatapos ay sabihin sa kanila na hanapin ang doctrinal mastery passage na sumusuporta sa doktrinang ito.

Ipabuklat sa mga estudyante ang II Mga Taga Tesalonica 2:1–3. Maaari mong pamarkahan sa naiibang paraan ang mga scripture passage na ito para madali nila itong mahanap.

Ipaliwanag na isinulat ni Apostol Pablo ang mga talatang ito upang panatagin ang mga miyembro ng Simbahan na nag-aalala dahil iniisip nila na ang Ikalawang Pagparito ay maaaring nangyari na o malapit nang maganap. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang scripture passage. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ni Pablo na mangyayari bago ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.


- Ano ang sinabi ni Pablo na mangyayari bago ang Ikalawang Pagparito?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pablo sa "ang pagtaliwakas" (II Mga Taga Tesalonica 2:3)?

Kung kailangan, ipaliwanag na "ang pagtaliwakas" ay ang magaganap na Malawakang Apostasiya matapos mamatay ang mga Apostol ni Jesucristo.

- Paano maaaring nakatulong ang paliwanag na ito sa mga miyembro ng Simbahan noong panahon ni Pablo?
- Bakit mahalaga para sa atin ngayon na maunawaan na ang "pagtaliwakas" na ipinropesiya ni Apostol Pablo ay naganap na?

### Bahagi 3 (6 na minuto)

Para matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang katotohanan na ang Malawakang Apostasiya ay naganap nang ang mga tao ay tumalikod sa katotohanan ng ebanghelyo at kinuha ng Panginoon ang awtoridad at mga susi ng priesthood mula sa lupa, ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Ang totoong pangalan ng Simbahan ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang muling itinatag na orihinal na Simbahan ni Jesucristo. Noong narito Siya sa lupa, inorganisa Niya ang Kanyang Simbahan. Tumawag Siya ng mga Apostol, Pitumpu, at iba pang mga lider na Kanyang pinagkalooban ng priesthood para kumilos sa Kanyang pangalan [tingnan sa Mateo 10:1; Lucas 6:13; 10:1; Mga Taga Efeso 4:11–12]. Matapos pumanaw si Cristo at ang Kanyang mga Apostol, binago ng mga tao ang mga ordenansa at doktrina. Nawala ang orihinal na Simbahan at ang priesthood. Pagkatapos ng Dark Ages, at sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit, ibinalik ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan. Ngayon ito ay nasa mundo na, ipinanumbalik at kumikilos sa ilalim ng Kanyang banal na patnubay [tingnan sa D at T 1:30]" ("Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!" *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2012, 18.

- Ayon kay Pangulong Nelson, bakit kinailangan ang Panunumbalik?
- Paano nakatutulong ang kaalaman tungkol sa Malawakang Apostasiya para mapahalagahan natin ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?

### Bahagi 4 (8 minuto)

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas sa unang tatlong talata ng paksa ng doktrina 4, "Ang Panunumbalik," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw. Ipatukoy sa mga estudyante ang ilan sa mahahalagang kaganapang natuklasan nila.

Tukuyin ang sumusunod na doktrina sa unang talata: **Ipinropesiya ng mga sinaunang propeta ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw.** Sabihin sa mga estudyante na maaari nilang isulat ang katotohanang ito sa kanilang mga banal na kasulatan malapit sa sumusuportang doctrinal mastery passage na Mga Gawa 3:19–21.

- Sa palagay ninyo, bakit inihayag ng Panginoon sa mga sinaunang propeta na magkakaroon ng Panunumbalik sa mga huling araw at inutusan silang magpropesiya hinggil dito?

### Bahagi 5 (12 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na markahan ang Mga Gawa 3:19–21 sa naiibang paraan bilang isang doctrinal mastery passage. Ipaliwanag na nagpagaling ng isang lalaking lumpo, o hindi makalakad, sina Apostol Pedro at Juan malapit sa templo sa Jerusalem. Agad na kumalat ang balita tungkol sa himala, at maraming tao ang nagtipon, kabilang na ang ilan na hindi tumanggap kay Jesucristo noon. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang scripture passage. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang ipinagagawa ni Apostol Pedro sa mga taong nagtipon doon.

- Ano ang mensahe ni Apostol Pedro sa mga tao?

Maaaring makatulong na ipaliwanag na tumutukoy ang katagang "kung magkagayon ay magsidating ang mga panahon ng kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon; at upang kaniyang suguin ang Cristo" sa mga talata 19–20 sa panahon ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo kapag "ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10).

Ipaliwanag na ayon sa Mga Gawa 3:21, ipinropesiya ni Pedro na si Jesucristo ay mananatili sa langit "hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay." Ang pariralang "mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay" ay tumutukoy sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw.

- Ayon sa talata 21, bukod kay Pedro, sino pa ang nagpropesiya na magkakaroon ng Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw?
- Kailan nagsimulang matupad ang propesiya ni Pedro? (Noong nagpakita ang Diyos Ama at si Jesucristo kay Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan.)

Ibahagi ang iyong patotoo na ang mga propeta ng Panginoon sa maraming iba't ibang panahon ay nagpropesiya tungkol sa panahon natin ngayon at inasam ang Panunumbalik ng ebanghelyo at ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

## Pagsasanay (25 minuto)

Tulungan ang mga estudyante na magsanay na magawa ang tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman sa paksang Panunumbalik: kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.

Ang sumusunod na aktibidad ay maaaring makumpleto sa loob ng isang sesyon ng klase o sa ibang mga araw ng klase, depende sa iyong iskedyul at sa pangangailangan ng mga estudyante.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante, at bigyan ang bawat magkapartner ng kopya ng sumusunod na mga tagubilin. (Para matulungan ang mga estudyante na maghanda ng mga sagot sa mga tanong tungkol sa mga itinalagang tulong o source na ibinigay ng Diyos, maaari mong ipakita sa kanila kung paano hanapin ang mga banal na kasulatan at iba pang impormasyon tungkol sa apostasiya at Panunumbalik sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Maaari mo ring ipakita sa kanila kung paano ma-access ang mga

mensahe mula sa mga lider ng Simbahan tungkol sa mga paksang ito sa pamamagitan ng pag-search sa LDS.org.)

Basahin nang sabay-sabay ang sumusunod na sitwasyon, at pagkatapos ay talakayin ang mga tanong na kasunod ng bawat alituntunin. Maging handa na tulungan ang kaibigan na inilarawan sa sitwasyon na maunawaan kung paano kumilos nang may pananampalataya, makita ang mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos. (Kalaunan ay magkakaroon kayo ng pagkakataong isadula ang sitwasyong ito kasama ng isa pang pares ng mga estudyante.)

Ilan sa iyong mga kaibigan ay hindi mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Isang araw ay nagpapaliwanag ka tungkol kay Joseph Smith at sa Panunumbalik ng ebanghelyo nang ang isa sa mga kaibigan mo, na isang tapat na Kristiyano ng ibang sekta, ay nagtanong, "Bakit kailangang magpakita ng Diyos kay Joseph Smith kung ang Kristiyanismo ay nasa daigdig na at maraming tao ang naniniwala sa Biblia?"

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Paano ninyo magagamit ang mga doktrina at mga doctrinal mastery passage na pinag-aaralan natin para matulungan ang inyong kaibigan na magkaroon ng tamang pag-unawa hinggil sa tanong na ito?
- Bukod sa mga banal na kasulatan, anong karagdagang sources mula sa Diyos ang hihikayatin ninyong basahin ng inyong kaibigan para lalo siyang makaunawa?

*Suriin ang mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Isinasaalang-alang ang pananalig ng inyong kaibigan sa Diyos at kay Jesucristo, paano ninyo matutulungan ang inyong kaibigan na suriin ang tanong gamit ang ideyang nalalaman niya tungkol sa kung paano tumalikod sa katotohanan ang mga anak ng Diyos sa mga nagdaang panahon? (Halimbawa, maaari mong banggitin kung paano tumalikod ang mga tao sa mga turo ng propeta tulad nina Noe at Moises.)
- Paano ninyo mahihikayat ang inyong kaibigan na pag-isipang mabuti ang nalalaman at pinaniniwalaan niya tungkol sa Diyos at sa Kanyang pagnanais na turuan ang Kanyang mga anak sa pagsusuri ng tanong?

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Sa anong mga paraan magagamit ng kaibigan ninyo ang kanyang pananampalataya sa Diyos para malaman ang katotohanan?
- Ano ang sasabihin o hihikayatin ninyong gawin ng inyong kaibigan para mapalakas ang kanyang pananampalataya?

Pagkatapos ng sapat na oras, ayusin ang klase para ang bawat pares ng mga estudyante ay makipagtulungan sa iba pang pares ng estudyante. Hilingin sa isang pares ng mga estudyante na gumanap bilang kaibigan na may tanong at ang isa namang pares ang sasagot ayon sa tinalakay nila gamit ang tatlong alituntunin. Pagkatapos magkaroon ng pagkakataon ang isang pares na sumagot, sabihin sa dalawang pares ng mga estudyante na magpalitan ng mga ginagampanang papel.

Maaari mong anyayahan ang ilang estudyante na magbahagi ng ilang bagay na natutuhan o nadama nila mula sa kanilang talakayan at dula-dulaan. Magtapos sa pagbibigay sa ilang estudyante ng pagkakataong ibahagi ang kanilang patotoo

tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Rebyuhin sa mga estudyante ang mga doctrinal mastery passage sa mga susunod na klase para tulungan silang maalala at magamit ang mga ito. Humanap ng mga pagkakataon na marebyu ang mga banal na kasulatang ito sa buong school year. Magagamit mo ang isang aktibidad na tulad ng sumusunod:

Magpasa ng mga blangkong card o maliliit na piraso ng papel sa mga estudyante. Papiliin ang mga estudyante ng ilang doctrinal mastery passage na napag-aralan nila sa taong ito at ipasulat ang isang scripture reference sa bawat card. Sa likod ng card, ipasulat sa mga estudyante ang mahalagang parirala o iba pang mga clue na maaaring makatulong sa pagtukoy sa scripture passage. (Ang mahahalagang parirala para sa mga doctrinal mastery passage ay nasa doctrinal mastery bookmark.)

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tigdadalawa o tigtatatlong estudyante. Sabihin sa mga estudyante na gamitin ang mga card na ginawa nila para mabigyan ng quiz ang kapartner nila o ang mga estudyante sa kanilang grupo. Maaaring ipakita ng mga estudyante ang bahaging may nakasulat na scripture reference sa card at ipatukoy sa ibang estudyante ang scripture passage, o maaari nilang ipakita ang key phrase o mahalagang parirala o salita, at ipatukoy sa iba pang mga estudyante ang aklat at kabanata, at marahil ang talata o mga talata na rin, kung saan matatagpuan ang doctrinal mastery passage.

Pagkatapos ng aktibidad, maaari kayong magbigay ng verbal o nakasulat na quiz kung saan ay pagtutugmain ng mga estudyante ang mga scripture reference para sa mga doctrinal mastery passage gamit ang kanilang key phrases o mahahalagang parirala.

# Mga Propeta at Paghahayag

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (50 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Ano ang ilang naiibang aspeto ng ating Simbahan?* Hikayatin ang mga estudyante na sumagot. Habang ginagawa nila ito, isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. Ipaliwanag na ang isang aspeto na kakaiba ang ating Simbahan sa iba pang simbahan ay ang ating paniniwala sa mga buhay na propeta at patuloy na paghahayag.

Ipaliwanag na ang Bagong Tipan ay naglalaman ng tatlong doctrinal mastery passage na tutulong sa atin na mas maunawaan ang paksa tungkol sa mga propeta at paghahayag. Isulat ang sumusunod na reperensya sa pisara, at bigyan ng oras ang mga estudyante na basahin at markahan ang mga ito o maglagay ng tala sa naiibang paraan para matukoy ito bilang doctrinal mastery passage: *Juan 15:16; Mga Taga Efeso 2:19–20; Mga Taga Efeso 4:11–14.*

Ipabuklat sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 5, "Mga Propeta at Paghahayag," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbabasa nang malakas sa limang talata. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang mga pahayag ng doktrina na sinuportahan ng tatlong doctrinal mastery passage na nasa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Maaari mong pamarkahan o pasalungguhitan sa kanila ang sumusunod na mga pahayag ng doktrina:

- **Ang propeta ay isang tao na tinawag ng Diyos na mangusap para sa Kanya.**
- **Ang mga propeta ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo. Inihahayag nila ang kalooban at tunay na pagkatao ng Diyos. Tinutuligsa nila ang mga kasalanan, na nagbababala sa mga ibubunga nito, at tumutulong sa atin na iwasan ang panlilinlang.**
- **Noong Kanyang mortal na ministeryo at gayundin sa ating panahon, inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga propeta at mga apostol.**

### Bahagi 2 (5 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na doktrina: *Ang propeta ay isang tao na tinawag ng Diyos na mangusap para sa Kanya.* Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang Juan 15:16, na hinahanap ang mga salita o parirala na nagtuturo ng doktrinang ito.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Maaari mong pamarkahan sa kanila ang pariralang, "Ako'y hindi Ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at akin kayong inihalal."

- Ano ang itinuturo sa atin ng talatang ito tungkol sa kung paano nagiging propeta ang isang tao?
- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang maunawaan na ang mga propeta ay pinili at tinawag ng Diyos at hindi ng tao?

Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng salitang *inihalal* (o inorden) ay opisyal na pagkalooban ng awtoridad ng priesthood mula sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang maordenan nang wasto ang isang tao upang makapagsalita para sa Diyos?

### Bahagi 3 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag ng doktrina: *Ang mga propeta ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo. Inihahayag nila ang kalooban at tunay na pagkatao ng Diyos. Tinutuligsa nila ang mga kasalanan, na nagbababala ukol sa mga ibubunga nito, at tumutulong sa atin na maiwasan ang panlilinlang.*

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mga Taga Efeso 4:11–14. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na hinahanap ang mga salita o parirala na sumusuporta sa pahayag ng doktrina na nakasulat sa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

Ipaliwanag na nagtuturo ang talata 12 ng tatlong mahahalagang dahilan kung bakit tumatawag ng mga propeta ang Diyos. Maaari mong sabihin sa mga estudyante na markahan ang tatlong dahilang ito.

Hatiin sa tatlong grupo ang klase, at i-assign sa bawat grupo ang isa sa sumusunod na mga tanong na tatalakayin nila sa kanilang grupo. (Hikayatin ang mga estudyante na sumangguni sa mga pahayag ng doktrina para sa Mga Taga Efeso 4:11–14 na nakasulat sa pisara. Ipaalala sa kanila na sinasang-ayunan natin ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta.)

1. Ano ang ilang paraan na tumutulong ang mga propeta na maging sakdal o perpekto ang mga Banal?
2. Ano ang ilang halimbawa ng "gawaing paglilingkod" (talata 12) na isinasagawa ng mga propeta?
3. Paano pinasisigla o pinalalakas ng mga propeta ang Simbahan?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Taga Efeso 4:13–14, na inaalam ang ilan sa mga pagpapalang dulot ng pagkakaroon ng mga buhay na propeta sa Simbahan.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Paano tinutulungan ng mga propeta ang mga miyembro ng Simbahan na makamit ang "pagkakaisa ng pananampalataya" (talata 13)? Bakit ito mahalaga?
- Paano tayo natutulungan ng mga propeta na hindi tayo "napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng [maling] aral" (talata 14)?
- Ano ang ilang halimbawa ng maling doktrina kung saan pinangalagaan tayo ng mga propeta?

Maaari mong pasagutan sa mga estudyante ang sumusunod na tanong sa kanilang mga scripture study journal o notebook:

- Paano ka natulungan ng huling mensahe, turo, o patotoo ng isang propeta sa pag-unlad ng iyong kaalaman tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo o sa pag-iwas sa panlilinlang?

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang isinulat nila kung komportable silang gawin ito.

### Bahagi 4 (10 minuto)

Isulat ang sumusunod na pahayag ng doktrina na itinuro sa Mga Taga Efeso 2:19–20 sa pisara: *Noong Kanyang mortal na ministeryo at gayundin sa ating panahon, inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga propeta at mga apostol.*

Ipaliwanag na ginawa ni Apostol Pablo ang kanyang sulat sa mga taga-Efeso sa hangaring espirituwal na patatagin, pangalagaan, at pagkaisahin ang mga miyembro ng Simbahan, na ilan sa kanila ay nanghihina ang pananampalataya.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mga Taga Efeso 2:19–20. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbabasa, na hinahanap ang mga salita o parirala na sumusuporta sa pahayag ng doktrina sa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila.

- Sa palagay mo, paano napalakas ang mga Banal sa Efeso ng kaalaman na itinatag ni Cristo ang Kanyang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga propeta at mga apostol?
- Sa palagay ninyo, bakit mahalaga na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inorganisa rin na ang kinasasaligan o pundasyon ay mga propeta at mga apostol?

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante o hatiin sila sa maliliit na grupo, at sabihin sa kanila na talakayin ang sumusunod na tanong:

- Maraming taong naniniwala na ang organisadong relihiyon ay hindi kailangan at sa halip ito ay imbensyon lamang ng tao. Paano ninyo magagamit ang katotohanang itinuro sa Mga Taga Efeso 2:19–20 para tulungan ang isang tao na maunawaan ang kahalagahan ng pagiging miyembro at pakikibahagi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang natalakay nila.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan kung ano ang sinabi ni Elder Christofferson tungkol sa layunin ng Simbahan. (Maaari mong bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng pahayag na ito.)



"Natanto ko na may mga taong itinuturing ang kanilang sarili na relihiyoso o espirituwal ngunit tumatangging makibahagi sa isang simbahan o ipinapalagay na hindi kailangan ang isang institusyong tulad nito. Ang pagsasabuhay ng relihiyon para sa kanila ay pawang pansarili lamang. Gayon pa man ang Simbahan ay nilikha Niya na sentro ng ating espirituwalidad—si Jesucristo. …

"… Sa kalagitnaan ng panahon, itinatag ni Jesus ang Kanyang gawain sa paraan na maitatatag ang ebanghelyo nang sabay-sabay sa maraming bansa at sa iba't ibang tao. Ang organisasyong iyan, ang Simbahan ni Jesucristo, ay kinasasaligan ng 'mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok' [Mga Taga Efeso 2:20]. Kabilang dito ang mga karagdagang katungkulan, tulad ng mga pitumpu, elder, bishop, priest, teacher, at deacon. …

"Kasunod ng apostasiya at pagkakawatak-watak ng Simbahan na Kanyang itinatag habang narito sa mundo, muling itinatag ng Panginoon ang Simbahan ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang layunin ay katulad pa rin noon; ito ay ang ipangaral ang mabubuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo at isagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan—sa madaling salita, ilapit ang mga tao kay Cristo" ("Bakit Kailangan ang Simbahan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2015, 108).

- Ayon kay Elder Christofferson, ano ang layunin ng Simbahan noon at ngayon?

## Segment 5 (10 minuto)

Rebyuhin sa mga estudyante ang Mga Taga Efeso 2:19–20 at ang sumusunod na pahayag ng doktrina: Noong Kanyang mortal na ministeryo at gayundin sa ating panahon, inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga propeta at mga apostol.

Ituro ang pariralang "pangulong bato sa panulok" sa talata 20. Ipaliwanag na bilang Pangulong Bato sa Panulok, patuloy na pinamumunuan at ginagabayan ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta at mga apostol. Inihahayag Niya ang mga batas para sa lahat ng anak ng Diyos at ginagabayan ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng inorden na mga lingkod na ito. Kabilang sa mga batas ng Diyos ang doktrina, mga alituntunin, mga kautusan, mga ordenansa, at mga tipan, gayundin ang mga patakaran at gawain ng Simbahan na inihahayag Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta.

Isulat sa pisara ang mga sumusunod:

1. *Mga walang-hanggang batas*

| |
|---|
| 2. *Mga batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan* |

Ipaliwanag na ang ilang batas na inihahayag ng Panginoon ay walang hanggan, tulad ng mga may kaugnayan sa plano ng kaligtasan. Hindi nagbabago ang mga batas na ito. Gayunman, maaaring bigyang-diin ng Panginoon paminsan-minsan ang ilang walang-hanggang batas dahil sa mga pagbabago sa lipunan at mga pangangailangan ng Kanyang Simbahan o ng mundo. Isulat sa pisara ang *hindi nagbabago* sa tabi ng "Mga walang-hanggang batas."

Ituro na may mga batas din sa Simbahan na maaaring magbago ayon sa patnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Kabilang dito ang mga batas na pumapatnubay sa pangangasiwa ng priesthood sa ebanghelyo at mga ordenansa nito at may kaugnayan sa organisasyon at pamamahala sa Simbahan ng Panginoon at sa Kanyang mga tao. Ang ilan sa mga batas na ito ay maaari ding tukuyin na mga patakaran o gawain sa Simbahan. Kapag naghangad ng inspirasyon ng Panginoon at nagsanggunian ang mga propeta at mga apostol, iniaakma nila ang mga batas na ito ayon sa kalooban ng Panginoon. Nagtutulot ang mga pagbabagong ito na lumaganap ang Simbahan sa maayos na paraan sa iba't ibang panig ng mundo at na matugunan ang iba't ibang kalagayan at pangangailangan sa mundo. Isulat sa pisara ang *maaaring magbago* sa tabi ng "Mga batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan."

Para mas maipaunawa sa mga estudyante ang pagkakaiba ng mga walang-hanggang batas sa mga batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan, basahin nang malakas ang sumusunod na mga halimbawa at itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang inilalarawan:

1. Hanggang noong 1970s, may mga korum ng Pitumpu sa mga stake sa buong Simbahan, at ang kalalakihang inorden sa katungkulan ng Pitumpu ay gumanap ng kanilang tungkulin sa lugar kung saan sila naninirahan. Noong kalagitnaan ng 1970s, muling binuo at pinalawak ni Pangulong Spencer W. Kimball ang Unang Korum ng Pitumpu bilang isang korum ng mga General Authority. (Batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan.)
2. Kailangan ang pananampalataya at pagsisisi para umunlad at maging katulad ng ating Ama sa Langit. (Walang-hanggang batas.)
3. Noong 1990, pinagpantay-pantay ng Simbahan ang halaga ng buwanang kontribusyong kailangan para sa mga gastusin sa paglilingkod para sa mga full-time missionary na walang asawa saanman sila tinawag na maglingkod. Bago ito, hindi pare-pareho ang halagang ibinabayad ng mga missionary dahil nakadepende ito sa gastusin sa lugar sa mundo kung saan sila itinalaga. (Batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan.)

Pagkatapos nito, igrupo-grupo o pagpartnerin ang mga estudyante, at bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na worksheet. Sabihin na magtulungan sila sa pagsagot sa matching activity.

Para sa bawat item, tukuyin kung halimbawa ito ng (A) mga walang-hanggang batas (na hindi nagbabago) o (B) mga batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan (na maaaring magbago).

______ 1. Para sa lahat ng may pananagutan, kailangan silang mabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig at makumpirma para makapasok sa kaharian ng Diyos.

______ 2. Sa ilalim ng batas ni Moises, ang mga lalaki lamang sa lipi ni Levi ang inorden sa Aaronic priesthood.

______ 3. Bago ang taong 1896, idinaraos ang mga buwanang fast and testimony meeting tuwing Huwebes sa halip na Linggo.

______ 4. Mula noong kalagitnaan ng 1800s hanggang 1978, hindi inoorden sa priesthood ang mga miyembrong lalaki na may lahing itim na Africano.

______ 5. Muling binigyang-diin ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga katotohanang nauugnay sa pag-aasawa at pagpapamilya nang ilabas nila ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" noong 1995.

______ 6. Noong 2012, ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson na ang pinakabatang edad para makapagmisyon ay 18 para sa young men at 19 para sa young women.

______ 7. Noong 2015, pinayuhan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang mga miyembro ng Simbahan na higit na ipriyoridad at bigyang-pansin ang wastong paggalang sa araw ng sabbath.

Tsekan ang mga sagot sa worksheet bilang isang klase para masagutan ang mga tanong o makapagpaliwanag pa, at anyayahan ang mga estudyante na magbigay ng ibang halimbawa ng yaong dalawang kategorya ng mga batas na maiisip nila. (Ang mga sagot ay matatagpuan sa dulo ng learning experience na ito.)


- Paano tayo natutulungan ng pag-alam sa mga pagkakaiba ng mga walang-hanggang batas, na hindi nagbabago, sa mga batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan, na maaaring magbago, na maunawaan na kinakailangan natin ang mga propeta na naghahayag ng kalooban ng Panginoon?

### Segment 6 (5 minuto)

Rebyuhin sa mga estudyante ang Mga Taga Efeso 2:19–20 at ang sumusunod na pahayag ng doktrina: NoongKanyang mortal na ministeryo at gayundin sa ating panahon, inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga propeta at mga apostol.

Ipaalala sa mga estudyante ang tinalakay sa naunang segment: mga walang-hanggang batas, na hindi nagbabago, at mga batas sa pangangasiwa ng priesthood at pamamahala sa Simbahan, na maaaring baguhin ng mga propeta ng Panginoon kapag nagsanggunian sila at naghangad ng patnubay mula sa Panginoon.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabihin sa klase na pakinggan ang mga detalye kung paano naghahangad ang mga propeta ng patnubay at paghahayag ng Panginoon.



"Sinasang-ayunan natin ang 15 lalaking inorden bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Kapag may mabigat na problema—at tila lalo lang itong bumibigat bawat araw—sinisikap ng 15 lalaking ito na lutasin ang problema, na makita ang lahat ng magagawa, at masigasig nilang hinahangad na marinig ang tinig ng Panginoon. Matapos kaming mag-ayuno, magdasal, mag-aral, magnilay, at mag-usap ng aking mga Kapatid tungkol sa mabibigat na bagay, karaniwa'y nagigising ako sa gabi na may dagdag na impresyon tungkol sa mga isyung pinoproblema namin. At ganito rin ang nararanasan ng aking mga Kapatid.

"Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nag-uusap-usap at ibinabahagi ang lahat ng ipinauunawa at ipinadarama ng Panginoon sa bawat isa at sa [aming] lahat. At pagkatapos ay minamasdan naming kumilos ang Panginoon sa Pangulo ng Simbahan upang ipahayag ang kalooban ng Panginoon.

"Ang prosesong ito ng pagpopropesiya ay sinunod noong 2012 nang baguhin ang minimum na edad para sa mga missionary at muli sa mga bagong karagdagan sa handbook ng Simbahan, kasunod ng legalisasyon ng kasal ng magkaparehong kasarian sa ilang bansa. Puspos ng habag para sa lahat, at lalo na sa mga bata, sinikap naming mabuti na unawain ang kalooban ng Panginoon sa bagay na ito. Laging iniisip ang plano ng kaligtasan ng Diyos at ang Kanyang pag-asa sa buhay na walang hanggan para sa bawat anak Niya, pinag-isipan namin ang napakaraming pagsasaayos at paghahalo ng mga posibleng mangyari. Paulit-ulit kaming nagpulong sa templo sa ayuno at panalangin at naghangad ng dagdag na patnubay at inspirasyon. Pagkatapos, nang bigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang propetang si Pangulong Thomas S. Monson na ipahayag ang isipan at kalooban ng Panginoon, bawat isa sa amin sa sagradong sandaling iyon ay nakadama ng espirituwal na pagpapatibay. Pribilehiyo namin bilang mga Apostol na sang-ayunan ang naihayag kay Pangulong Monson. Ang paghahayag ng Panginoon sa Kanyang mga lingkod ay isang sagradong proseso, gayundin ang pribilehiyo ninyong tumanggap ng personal na paghahayag" ("Pagiging mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito" [Pandaigdigang Debosyonal para sa mga Young Adult, Ene. 10, 2016], broadcasts.lds.org).

- Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa prosesong dinaraanan ng mga propeta at mga apostol para tumanggap ng paghahayag na gagabay sa Simbahan?
- Paano tayo matutulungan ng kaalamang ito tungkol sa kung paano naghahanda ang mga propeta na tumanggap ng paghahayag kapag may mga tanong tayo tungkol sa mga turo o gawain ng Simbahan? (Malalaman natin na masigasig na inalam at tinanggap ng mga propeta ang kalooban ng Panginoon, at matutularan natin ang kanilang halimbawa upang maihanda ang ating puso na tumanggap ng nagpapatibay na paghahayag.)

Sabihin sa mga estudyante na isipin ang mga karanasan na nakatulong sa kanila na malaman na ang mga propeta ay tinawag ng Diyos upang ipahayag ang Kanyang mga salita at pamahalaan ang Kanyang Simbahan. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga karanasan sa klase. Maaari ka ring magbahagi ng iyong karanasan at patotoo.

## Mga Pagsasanay (45–60 minuto)

Tulungan ang mga estudyante na magawa ang pagsasanay na ito gamit ang tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman na may kaugnayan sa paksa ng doktrina na "Mga Propeta at Paghahayag": kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may

walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.

Ang mga pagsasanay sa bahaging ito ay maisasagawa sa oras ng klase o sa ibang mga klase, depende sa iskedyul mo at sa mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Pagsasanay 1 (20–25 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tatlong alituntunin:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], at sabihin sa kanila na buklatin ito at tukuyin ang iba't ibang pag-uugali na ipinayo ng mga propeta na iwasan natin.

Ipabahagi sa mga estudyante ang nalaman nila, at ilista ang ilan sa kanilang mga sagot sa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na kunwari ay may isang kaibigan sila na miyembro ng ibang relihiyon na nagtanong, "Sa palagay ko ay kakatwa na ang mga Mormon ay hindi …" Ipakumpleto sa mga estudyante ang pangungusap gamit ang isa sa mga nakalista sa pisara.

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung paano nila magagamit ang tatlong alituntunin na nakasulat sa pisara para buong tiwalang masagot ang tanong ng kaibigan nila. Sabihin na magkakaroon sila ng pagkakataon na isadula ito. Maaari mong gamitin ang sumusunod na mga tanong upang tulungan ang mga estudyante na makapag-isip nang mabuti. (Maaari mong ibigay ang mga tanong na ito sa mga estudyante bilang handout.)

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Sa palagay ninyo, paano makatutulong sa inyo ang inyong tapat na pagsunod sa mga turo ng mga propeta sa pagsagot sa tanong ng inyong kaibigan?
- Paano ninyo maaanyayahan ang inyong kaibigan na kumilos nang may pananampalataya hinggil sa kanyang tanong?

*Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa tungkulin ng mga propeta sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit?
- Ano ang ilang posibleng maling pag-unawa o hindi tamang palagay ng inyong kaibigan tungkol sa mga propeta?

- Paano kayo napalakas at natulungan ng mga propeta na malaman pa ang tungkol kay Jesucristo at sa Ama sa Langit?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Anong mga sanggunian o sources ang magagamit ninyo para magkaroon ng mas malalim na pang-unawa kung bakit pinapayuhan tayo ng mga propeta na iwasan ang pag-uugali sa tanong ng iyong kaibigan? (Bigyan ng panahon ang mga estudyante na saliksikin ang mga turo [tulad ng nasa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*], mga mensahe, at mga patotoo mula sa mga propeta sa mga huling araw na makatutulong sa kanila na mas maunawaan at maipaliwanag ang payo at turo ng mga propeta.)

Pagkatapos ng sapat na oras, pagpartnerin ang mga estudyante at sabihin sa kanilang magsalitan sa pagbabahagi sa bawat isa kung paano sila tutugon sa kaibigang nabanggit sa sitwasyon sa itaas. Kapag nakapagbahagi na ang lahat, maaaring tapusin ang aktibidad na ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang patotoo tungkol sa mga propeta sa mga huling araw.

### Pagsasanay 2 (10–15 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tatlong alituntunin:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon sa iyong klase:

May kaibigan kayo sa inyong korum o klase na hindi na dumadalo sa Mutual at sa mga miting ng Simbahan tuwing Linggo. Nagpasiya kayong kausapin siya tungkol dito. Ang sagot ng kaibigan ninyo, "Alam mo, nagtataka ako kung bakit kailangang sa isang partikular na simbahan lang magsisimba. Maraming mabubuting tao sa mundo na hindi nagsisimba kahit saang simbahan, kahit sa atin. Palagay ko, basta't mabuti ang ginagawa nila at mabait sila sa iba, mapupunta pa rin sila sa langit."

- Anong mga punto ng doktrina hinggil sa mga propeta at paghahayag ang makatutulong sa kaibigan ninyo na maunawaan ang kahalagahan ng matapat na pagdalo sa mga miting sa Simbahan?
- Ano ang maaari ninyong gawin para matulungan ang kaibigan ninyo na kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos para mas maunawaan niya ang kahalagahan ng pagdalo sa mga miting sa Simbahan?

## Pagsasanay 3 (15–20 minuto)

*Paunawa:* Layunin ng pagsasanay na ito na tulungan ang mga estudyante na ipamuhay ang doktrinang napag-aralan nila sa mga segment 5 at 6 ng bahaging "Pag-unawa sa Doktrina" ng learning experience na ito.

Ipaalala sa mga estudyante ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman: kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw, at hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos. (Maaari mong isulat sa pisara ang mga alituntuning ito.)

Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon:

Nang naghahapunan ang pamilya ninyo, sinabi ng inyong tiyo na, kapag matindi ang pag-iimpluwensya ng lipunan, ang kasalukuyang posisyon o paninindigan ng Simbahan hinggil sa mga usaping panlipunan ay magbabago sa hinaharap upang mas makaangkop sa opinyon ng lipunan. Para masuportahan ng tiyo ninyo ang kanyang sinabi, binanggit niya na binago ng Simbahan ang posisyon nito tungkol sa pag-aasawa ng marami at pagtutulot sa mga miyembrong may lahing itim na Africano na magtaglay ng priesthood at tumanggap ng mga ordenansa sa templo. Magkakaiba ang ipinahayag na opinyon ng mga miyembro ng pamilya tungkol sa bagay na ito. Simula nang mapag-usapan iyon, nag-isip na kayo kung tama ang tiyo ninyo, at pinag-isipan ninyong mabuti ang sumusunod na tanong: *Bakit kung minsan ay tila nagpapaimpluwensya ang Simbahan sa lipunan sa paggawa ng mga pagbabago sa patakaran?* (Isulat sa pisara ang tanong na ito.)

Para matulungan ang mga estudyante na magamit ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman, pati na ang doktrinang itinuro sa Mga Taga Efeso 2:19–20, bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na handout at sabihin sa kanila na isulat ang kanilang mga sagot sa mga tanong.

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Ano na ang nalalaman mo tungkol sa mga propeta at kung paano sila humihingi ng paghahayag?
- Ano na ang mga naranasan mo na nagpapatunay na ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag sa Kanyang mga propeta?

*Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Paano mo iibahin ang tanong na nasa pisara para makita ito ayon sa pananaw ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng plano ng kaligtasan?
- Ano kaya ang ilang layunin ni Jesucristo sa pagbabago, sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, ng mga patakaran at gawain ng Simbahan?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Ano ang ilang sources na ibinigay ng Diyos na mapagkukunan mo ng impormasyon sa kung paano binago ang gawaing pag-aasawa ng marami at ang hindi pagtutulot sa mga miyembrong may lahing itim na Africano na maorden sa priesthood at tumanggap ng mga ordenansa sa templo?

Kung kailangan ng tulong ng mga estudyante sa paghahanap ng mga sources na ibinigay ng Diyos, maaari mong ituon ang pansin nila sa mga sumusunod:

- Opisyal na Pahayag 1 (kabilang na ang pambungad sa 2013 edition ng mga banal na kasulatan)
- "The Manifesto and the End of Plural Marriage" (LDS.org)
- Opisyal na Pahayag 2 (kabilang na ang pambungad sa 2013 edition ng mga banal na kasulatan)
- "Race and the Church: All Are Alike unto God" (mormonnewsroom.org)
- "Race and the Priesthood" (topics.lds.org)
- "Elder Dallin H. Oaks' Reaction to Priesthood Revelation" (mormonnewsroom.org)

Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang isinulat nila. Kung may oras pa, maaari mong pagpartnerin ang mga estudyante at hilinging isadula nila kung paano sila tutugon kung muling lumabas ang isyu o usaping ito.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto para rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage na napag-aralan na nila sa school year na ito. Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase na dala ang kanyang mga banal na kasulatan. Ipabuklat sa estudyante ang isa sa mga doctrinal mastery passage nang hindi ito ipinapakita sa iba. Sabihin sa estudyante na isulat sa pisara ang isang salita mula sa doctrinal mastery passage. (Hikayatin ang estudyante na pumili ng mahahalagang salita o key word mula sa scripture passage at huwag ang mga salitang tulad ng *at* o *ang.*)

Sabihin sa klase na saliksikin sa kanilang mga banal na kasulatan kung saang doctrinal mastery passage nagmula ang salita. Kung walang makahanap sa tamang doctrinal mastery passage gamit ang isang salita, sabihin sa estudyante na sumulat sa pisara ng isa pang salita na mula sa doctrinal mastery passage. Ulitin ang prosesong ito hanggang sa may estudyanteng makahanap ng tamang doctrinal mastery passage. Ipabuklat sa buong klase ang doctrinal mastery passage na ito, at sabihin na sama-sama nila itong bigkasin. Pagkatapos ay ulitin ang aktibidad kasama ang isa pang estudyante na pipili ng isa pang doctrinal mastery passage.

*Mga sagot sa aktibidad sa handout:* (1) A; (2) B; (3) B; (4) B; (5) A; (6) B; (7) A.

# Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (20 minuto)

### Bahagi 1 (7 minuto)

Magpakita ng susi o magdrowing sa pisara ng larawan ng isang susi, at ipalarawan sa mga estudyante kung saan ito ginagamit. Ipaliwanag na ginamit ng Panginoon ang analohiya ng isang susi para tulungan tayong maunawaan kung paano Niya pinapatnubayan at pinamamahalaan ang Kanyang priesthood at ang Kanyang gawain sa lupa.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbabasa nang malakas sa paksa ng doktrina 6, "Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa at salungguhitan ang mga pahayag ng doktrina na tumutulong sa kanila na maunawaan kung ano ang mga susi ng priesthood at kung paano ito nauugnay sa kapangyarihan ng priesthood.

- Ano ang ibig sabihin ng priesthood?
- Anong mga pahayag ng doktrina ang natukoy ninyo na nagbibigay-linaw kung ano ang mga susi ng priesthood? (Maaaring talakayin ng mga estudyante ang ilang pahayag ng doktrina mula sa nabasa nila. Kapag nakasagot na sila, pamarkahan sa kanila ang sumusunod na doktrina sa ikatlong talata: **Ang mga susi ng priesthood ay ang karapatang mangulo, o ang kapangyarihang ibinibigay ng Diyos sa tao upang pamahalaan at pangasiwaan ang kaharian ng Diyos sa lupa.**)

Upang matulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang doktrinang ito, sabihin sa kanila na gamitin ang mga minarkahan nila sa paksa ng doktrinang ito kapag tinalakay nila ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang nakikita ninyong kaugnayan ng mga susi ng priesthood at ng mga ordenansa?
- Anong mga ordenansa ng priesthood ang dapat awtorisado ng mga mayhawak ng kaukulang mga susi ng priesthood?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang mga nakapagliligtas na ordenansa (kabilang na ang binyag, kumpirmasyon, ordenasyon sa Melchizedek Priesthood [para sa mga lalaki], ang endowment sa templo, at pagbubuklod sa templo) ay nangangailangan ng awtorisasyon mula sa isang lider ng priesthood na mayhawak ng angkop na mga susi ng priesthood o yaong gumaganap sa ilalim ng pamamahala ng taong mayhawak ng mga susing iyon (tingnan din sa paksa ng doktrina 7, "Mga Ordenansa at mga Tipan," sa *Doctrinal Mastery Core Document*). Kailangan din ang awtorisasyon sa pagbibigay ng pangalan at pagbabasbas ng

bata, paglalaan ng libingan, pagbibigay ng patriarchal blessing, at paghahanda, pagbabasbas, at pagpapasa ng sakramento. Gayunman, ang mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood ay maaaring maglaan ng langis, magbasbas ng maysakit, magbigay ng basbas ng ama, at magbigay ng iba pang mga basbas ng kapanatagan at pagbibigay ng payo nang hindi na humihingi ng awtorisasyon mula sa isang lider ng priesthood.


- Ano ang kaugnayan ng mga calling o tungkulin sa Simbahan, kapwa para sa kalalakihan at kababaihan, sa papel na ginagampanan ng mga susi ng priesthood?

### Bahagi 2 (7 minuto)

Rebyuhin sa mga estudyante ang sumusunod na doktrina: Ang mga susi ng priesthood ay ang karapatang mangulo, o ang kapangyarihang ibinibigay ng Diyos sa tao upang pamahalaan at pangasiwaan ang kaharian ng Diyos sa lupa. Para tulungan ang mga estudyante na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa katotohanang ito, sabihin sa kanila na kunwari ay nabigyan sila ng isang sasakyan na kailangan ng susi para umandar pero hindi sila binigyan ng susi.

- Bakit kailangan pa rin ninyo ng susi kahit ibinigay na ang sasakyan? (Kahit na nasa kanila na ang sasakyan, kailangan pa rin ng susi para gumana ang makina at umandar ito.)
- Paano kaya maiuugnay ang analohiyang ito sa kung paano kinakailangan ang mga susi ng priesthood sa pangangasiwa sa gawain ng priesthood at ng kaharian ng Diyos sa lupa?

Magdispley o magbigay ng kopya ng sumusunod na paliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa mga susi ng priesthood. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang paliwanag ni Pangulong Nelson. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano inilarawan ni Pangulong Nelson ang mga susi ng priesthood.



"Ang mga susi ay mahalaga at kapaki-pakinabang. Karamihan sa atin ay may susi sa bulsa o bag saanman tayo pumunta. Ang iba pang mga susi ay hindi lamang mahalaga at kapaki-pakinabang; ang mga ito ay katangi-tangi, makapangyarihan, at hindi nakikita! Walang hanggan ang kahalagahan ng mga ito. Ang mga ito ay ang mga susi ng priesthood. …

"Ang priesthood ay ang awtoridad ng Diyos na [ipinagkaloob] sa tao upang mangasiwa para sa kaligtasan ng tao. 'Ang [kapangyarihang] pangasiwaan ang mga gawaing ito [ay] ang [mga] susi ng [Priesthood]' [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 170]. May kaibhan ang paghawak ng priesthood sa paghawak ng mga susi ng priesthood. Kapag binigyan ng mga susi ang isang tao, hindi siya tumatanggap ng karagdagang priesthood. Ang [taglay niya] ay ang karapatang pangasiwaan ang gawain ng priesthood" ("Mga Susi ng Priesthood," *Liahona,* Okt. 2005, 26).

- Ano ang natutuhan ninyo mula sa paliwanag ni Pangulong Nelson na nakatulong sa inyo upang mas maunawaan ang mga susi ng priesthood?

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang ikaapat na talata ng paksa ng doktrina 6, "Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Ipahanap sa kanila ang ilang halimbawa ng mga taong mayhawak ng susi ng priesthood. Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang mga nalaman nila.

- Kailan napagpala ang inyong buhay ng paggamit ng isang tao ng mga susi ng priesthood?

### Bahagi 3 (6 na minuto)

Isulat ang *Mateo 16:15–19* sa pisara, at ipaliwanag na ito ay doctrinal mastery passage na nagtuturo sa atin tungkol sa mga susi ng priesthood. Sabihin sa mga estudyante na markahan ang talatang ito sa naiibang paraan na tutukoy rito bilang isang doctrinal mastery passage. Hikayatin silang magsulat ng mahahalagang salita o mga key word sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan na tutulong sa kanilang alalahanin ang doktrinang itinuro sa scripture passage na ito hinggil sa mga susi ng priesthood.

Ipaliwanag na minsang itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol kung sino Siya para sa Kanila. Bilang tugon, nagpatotoo si Pedro na alam niya na si Jesus ang Anak ng Diyos. Pagkatapos ay ipinahayag ni Jesus na igagawad Niya kay Pedro ang mga susi ng Kanyang kaharian. Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng Mateo 16:15–19. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus kay Pedro tungkol sa mga susi ng priesthood.

- Ayon sa talata 19, ano ang sinabi ng Tagapagligtas kay Pedro na magkakaroon siya ng kapangyarihang gawin matapos matanggap ang mga susi ng kaharian, o ang mga susi ng priesthood? (Magtali at magkalag sa lupa at sa langit. Ang ibig sabihin nito ay na ang mga gawain tulad ng pagsasagawa ng mga ordenansa sa ilalim ng mga susi ng priesthood na ito ay balido at may-bisa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, kabilang na ang pagbibigkis, o pagbubuklod, ng mga pamilya sa templo.)
- Paano ninyo magagamit ang doctrinal mastery passage na ito para tulungan ang isang tao na maunawaan ang kahalagahan ng awtoridad na hawak ng mga propeta at mga apostol ngayon para pamahalaan ang gawain ng Diyos?

*Paalala:* Kailangan mong rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage sa mga estudyante sa susunod na mga araw para tulungan silang maalala at magamit ang mga ito. Humanap ng mga pagkakataon na marebyu ito at ang iba pang mga doctrinal mastery passage sa buong school year.

## Pagsasanay (25–30 minuto)

Tulungan ang mga estudyante na magsanay na magawa ang tatlong alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman na kaugnay ng paksa ng doktrina 6, "Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Maaari mong isulat ang mga alituntuning ito sa pisara bago magsimula ang pagsasanay:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Hatiin sa tatlong grupo ang klase, at bigyan ang mga estudyante sa bawat grupo ng mga kopya ng handout na akma sa kanilang group number. Bigyan ng 8–10 minuto ang bawat grupo para talakayin ang mga sitwasyon at mga tanong sa kanilang mga handout. Ipaliwanag na pagkatapos ng talakayan sa kanilang grupo, ang bawat estudyante ay magkakaroon ng pagkakataong magpraktis sa pagsagot sa tanong na ibinigay sa kanila kasama ng mga estudyante mula sa dalawa pang grupo.

## Grupo 1

Basahin ang sumusunod na sitwasyon bilang isang grupo:

Kayo ay naglilingkod bilang missionary, at kayo ng kompanyon mo ay nagtuturo sa isang investigator tungkol sa kahalagahan ng binyag. Nang anyayahan ninyo ang inyong investigator na mabinyagan, siya ay tumugon sa pagtatanong ng, "Bakit kailangan akong mabinyagang muli? Nabinyagan na ako sa aming simbahan."

Talakayin kung paano ninyo matutulungan ang inyong investigator gamit ang mga alituntunin at mga tanong na nakasaad sa ibaba:

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Ano ang magagawa ng inyong mga investigator para makakilos nang may pananampalataya habang hinahangad niyang maunawaan kung bakit niya kailangang mabinyagan sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood at sa ilalim ng pamamahala ng mayhawak ng mga susi ng priesthood?

*Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Paano nakatutulong ang pag-unawa sa priesthood at mga susi ng priesthood para masagot at mabigyan ng bagong kaliwanagan ang tanong ng inyong investigator?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Paano makatutulong ang doktrinang itinuro sa Mateo 16:15–19 sa inyong mga investigator na mahanap ang sagot sa tanong niya?
- May iba pa bang mga banal na kasulatan na tutulong sa inyong mga investigator na maunawaan kung bakit kailangan niyang mabinyagan sa pamamagitan ng wastong awtoridad?

## Grupo 2

Basahin ang sumusunod na sitwasyon bilang isang grupo:

Nagtapat sa inyo ang isang kaibigan na siya ay nakagawa ng ilang mabibigat na kasalanan na kabilang dito ang batas ng kalinisang-puri at nagsisikap na magsisi. Sa inyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan, nalaman ninyo na ang bishop o branch president sa bawat ward o branch ng Simbahan ang mayhawak ng mga susi ng Aaronic Priesthood, na kinabibilangan ng mga susi ng "ebanghelyo ng pagsisisi" (D at T 13:1).

Hinikayat ninyo ang inyong kaibigan na kausapin niya ang kanyang bishop, ngunit sinabi niyang, "Hindi ko alam kung bakit kailangan kong makipag-usap sa bishop ko. Alam kong kailangan kong ipagtapat ang ginawa ko, pero ipinagtapat ko na ito sa Panginoon. Nagdasal na ako para mapatawad at binago ko na ang ugali ko. Nakikibahagi ako sa sakramento. Bakit kailangan kong magpunta sa bishop para makatanggap ng kapatawaran ng Panginoon? Hindi ba't tungkol lang ito sa akin at sa Panginoon?"

Talakayin kung paano kayo sasagot sa inyong kaibigan gamit ang mga alituntunin at mga tanong na nakasaad sa ibaba:

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Ano ang magagawa ng inyong kaibigan para magamit at mapalakas niya ang kanyang pananampalataya sa Tagapagligtas at sa mga susi ng priesthood na ipinagkaloob Niya sa Kanyang mga awtorisadong lingkod?

*Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Paano nakatutulong ang pag-unawa sa mga susi ng priesthood na hawak ng bishop na linawin ang tanong ng kaibigan ninyo?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Paano makatutulong ang mga salita ng Tagapagligtas sa Mateo 16:19 sa inyong kaibigan na maunawaan kung paano nagkakaugnay ang mga susi ng priesthood na hawak ng bishop at ang walang-hanggang pagpapala na maaaring mapasakanya, kabilang na ang kapatawaran ng kasalanan?
- Anong iba pang itinalagang sources na ibinigay ng Diyos ang maaaring gamitin ng kaibigan ninyo para sa karagdagang pag-unawa?

## Grupo 3

Basahin ang sumusunod na sitwasyon bilang isang grupo:

Habang nagbabakasyon nang isang linggo kasama ng inyong mga kamag-anak, pinag-usapan ng inyong pamilya ang paghahanap ng ward o branch na maaaring daluhan sa araw ng Linggo. Bumaling sa iyo ang pinsan mo, na isang priest sa Aaronic Priesthood, at nagsabing, "Bakit hindi na lang tayo magdaos ng sarili nating sacrament meeting? Isa akong priest at makapagbabasbas at makapagpapasa ako ng sakramento, at kayo at ang iba pa nating kapamilya ang magbibigay ng panalangin at mga mensahe."

Talakayin kung paano ninyo matutugon ang mungkahi ng pinsan ninyo gamit ang mga alituntunin at mga tanong na nakasaad sa ibaba:

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Paano maipapakita ng inyong pamilya ang pananampalataya sa awtoridad ng mga mayhawak ng mga susi ng priesthood na namamahala sa gawain ng priesthood habang nagpaplano sila kung paano tumanggap ng sakramento sa kanilang bakasyon?

*Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

- Paano nakatutulong ang pag-unawa sa doktrina ng mga susi ng priesthood na malinawagan kung kailan maaaring magsagawa ng ordenansa, tulad ng pangangasiwa ng sakramento, ang isang lalaking maytaglay ng priesthood?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Anong itinalagang sources ng Diyos ang maaari mong tingnan para sa karagdagang pag-unawa kung kailan awtorisadong magsagawa ng ordenansa ng priesthood ang maytaglay ng priesthood?

Kung kailangan ng mga estudyante ng tulong sa pagtukoy sa itinalagang sources ng Diyos na kaugnay sa mga tanong sa sitwasyong ibinigay sa kanila, imungkahing saliksikin nila ang sumusunod na sources:

*Grupo 1:* Doktrina at mga Tipan 22:2–4.

*Grupo 2:* Mosias 26:12–15, 29–31; Elder C. Scott Grow, "Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat sa Bishop Ko?" *New Era,* Okt. 2013, 28–30; o *Liahona,* Okt. 2013, 58–60.

*Grupo 3:* "Priesthood Ordinances and Blessings," *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 20.1, LDS.org; Elder Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2014, 49–52.

Matapos talakayin ng bawat grupo ang sitwasyong ibinigay sa kanila at kung paano nila sasagutin ito, igrupo ang mga estudyante sa tatlo na may isang estudyanteng mula sa grupo 1, isa mula sa grupo 2, at isang mula sa grupo 3. Ipabasa sa bawat estudyante ang sitwasyong ibinigay sa kanya sa mga kagrupo niya at pagkatapos ay ipasadula kung paano siya tutugon sa tanong.

Pagkatapos ng sapat na oras, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga iniisip at patotoo tungkol sa mga pagpapala dahil sa pamumuno ng mga mayhawak ng susi ng priesthood.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Para tulungan ang mga estudyante na maalala ang lokasyon ng mga doctrinal mastery passage na natutuhan na nila, sabihin sa bawat estudyante na magdrowing ng isang 4 × 4 grid sa isang papel. Palagyan ng bilang ang bawat hanay mula sa itaas pababa at sumulat ng mga titik na *A, B, C,* at *D* sa itaas ng mga hanay.

| | A | B | C | D |
|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | |
| 2 | | | | |
| 3 | | | | |
| 4 | | | | |

Rebyuhin ang mga doctrinal mastery passage na natutuhan na ng mga estudyante sa kurso. Pagkatapos ay ipasulat sa kanila ang 16 na doctrinal mastery passage

reference sa grid nang hindi sunud-sunod. (Kung wala pang 16 na doctrinal mastery passage ang natutuhan ng mga estudyante, maaari nilang isulat ang mga ito nang ilang beses. Kung higit pa sa 16 ang natutuhan nila, maaari silang magdagdag ng mga row o hanay sa grid kung kailangan.)

Basahin nang malakas ang isang bahagi ng isa sa mga doctrinal mastery passage habang inilalagay ng bawat estudyante ang isang daliri sa reperensya sa kanilang mga grid na sa tingin nila ay tumutukoy sa iyong binasa. Pagkatapos mong magbasa, sabihin nang malakas sa mga estudyante ang reperensya para malaman nila kung tama ang kanilang mga sagot. Kung tama ang itinuturo nilang reperensya, pamarkahan ito ng *X.*

Kapag namarkahan ng isang estudyante ang apat na magkakasunod na kwadrado sa anumang direksyon, sasabihin niya nang malakas ang mga salitang "Doctrinal Mastery." Maaari kayong magpatuloy hanggang sa namarkahan ng lahat ang apat na magkakasunod na kwadrado o hanggang sa namarkahan ng mga estudyante ang lahat ng kanilang mga kwadrado.

# Mga Ordenansa at mga Tipan

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (20 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang mga salitang *Mga Ordenansa* at *mga Tipan*. Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano nila sasabihin ang kahulugan ng mga salitang ito sa isang taong hindi pamilyar sa mga ito.

Sabihin sa ilang estudyante na magsalitan sa pagbasa nang malakas ng mga talata sa ilalim ng paksa ng doktrina 7, "Mga Ordenansa at mga Tipan," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa mga estudyante na tahimik na sumabay sa pagbasa at markahan ang mga salita o mga parirala na makatutulong sa kanila na mas maunawaan kung ano ang mga ordenansa at mga tipan.

Pagkatapos ng sapat na oras, sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang mga minarkahan nila. Maaaring itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang nakapagliligtas na ordenansa?
- Anong mga nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo ang natanggap na ninyo?
- Ano ang itinuturo ng paksa ng doktrinang ito tungkol sa pangangailangan na mabinyagan? (Sabihin sa mga estudyante na markahan ang sumusunod na katotohanan sa kanilang kopya ng *Doctrinal Mastery Core Document:* **Kailangan ang binyag para maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ang isang tao at para makapasok sa kahariang selestiyal.**)
- Sa palagay ninyo, bakit kailangan ang binyag para maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo at para makapasok sa kahariang selestiyal?

Sabihin sa mga estudyante na sandaling pag-isipang mabuti ang panahon noong sila ay nabinyagan at nakumpirma na miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi kung saan sila nabinyagan, sino ang nagbinyag sa kanila, at ang anumang pahiwatig o damdamin na gusto nilang ibahagi tungkol sa kanilang karanasan.

### Bahagi 2 (10 minuto)

Rebyuhin sa mga estudyante ang sumusunod na doktrinang itinuro sa mga paksa ng doktrina na "Mga Ordenansa at mga Tipan" sa *Doctrinal Mastery Core Document:* Kailangan ang binyag para maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ang isang tao at para makapasok sa kahariang selestiyal.

- Anong scripture passage sa Bagong Tipan ang sumusuporta sa doktrinang ito?

Ipabuklat sa mga estudyante ang Juan 3:5. Maaari mong imungkahi na markahan nila ang doctrinal mastery passage na ito sa naiibang paraan upang madali nilang mahanap ito. Ipaliwanag na ang Juan 3 ay naglalaman ng mga turo ng Tagapagligtas sa isang Fariseo na nagngangalang Nicodemo na naghangad na may mas malaman pa tungkol sa ebanghelyo.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Juan 3:5. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sinabi ng Tagapagligtas na kailangang gawin para makapasok sa kaharian ng Diyos.

- Ano ang sinabi ng Tagapagligtas na kailangang gawin para makapasok sa kaharian ng Diyos?
- Anong nakapagliligtas na ordenansa ang tinutukoy ng "ipanganak ng tubig"?
- Anong nakapagliligtas na ordenansa ang tinutukoy ng "ipanganak … ng Espiritu"?
- Paano nakatulong ang pagbibinyag sa inyong mga pagsisikap na maging karapat-dapat na makapasok sa kahariang selestiyal at muling makapiling ang inyong Ama sa Langit?

## Pagsasanay (10 minuto)

Ipaalala sa mga estudyante ang tatlong alituntunin na nakalista sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document,* at isulat ang mga ito sa pisara:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Para matulungan ang mga estudyante na magsanay na gamitin ang mga alituntuning may kinalaman sa mga tanong tungkol sa paksang "Mga Ordenansa at mga Tipan," basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon:

Isa sa mga kaibigan ninyo ay interesadong malaman pa ang tungkol sa Simbahan at tinuturuan na ng mga missionary. Nabasa na niya ang ilang bahagi ng Aklat ni Mormon, ilang beses nang nakadalo sa mga miting sa simbahan, at nagpahayag ng paniniwala sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Isang araw, habang naglalakad pauwi pagkatapos turuan ng mga missionary, sinabi ng kaibigan mo, "Naniniwala ako sa itinuturo ng mga missionary, pero hindi ba ako magiging mabuting tao at mabuting Kristiyano nang hindi nabibinyagan sa isang partikular na simbahan?"

- Ano ang maaari ninyong gamiting mga paraan para anyayahan ang inyong kaibigan na kumilos nang may pananampalataya habang isinasaalang-alang ang paanyaya na magpabinyag?

- Paano ninyo matutulungan ang inyong kaibigan na makita ang kanyang mga tanong tungkol sa binyag nang may walang-hanggang pananaw? Anong mga katotohanan sa plano ng kaligtasan at sa ebanghelyo ni Jesucristo ang maibabahagi ninyo para tulungan siyang maunawaan ang walang-hanggang kahalagahan ng ordenansa ng binyag?
- Ano ang magagawa ninyo para tulungan ang inyong kaibigan na hangaring mas makaunawa pa sa pamamagitan ng sources na ibinigay ng Diyos?
- Paano ninyo magagamit ang Juan 3:5 para tulungan ang inyong kaibigan?

Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto upang saliksikin ang entry na "Pagbibinyag" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan o sa website ng Simbahan at ipahanap ang karagdagang impormasyon o mga scripture passage na makatutulong para masagot ang tanong ng kaibigan ninyo. Pagkatapos ng sapat na oras, pagpartner-partnerin ang mga estudyante o hatiin sila sa maliliit na grupo, at sabihin sa kanila na ibahagi sa isa't isa ang kanilang nalaman. Maaaring mag-ukol ng kaunting oras sa bawat grupo upang mapakinggan mo ang kanilang pag-uusap at magbigay ng tulong kapag kailangan.

Maaari kang magtapos sa pag-anyaya sa isa o mahigit pang mga estudyante na ibahagi ang kanilang patotoo tungkol sa kahalagahan ng mga ordenansa at mga tipan—lalo na ang ordenansa ng binyag—sa plano ng Ama sa Langit.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Maaari kang gumamit ng mga quiz para mabigyan ang mga estudyante ng pagkakataon na masubukan kung natatandaan nila ang mga doctrinal mastery passage. Maaaring kasama sa mga tanong ang mga clue tulad ng mga key word o scripture reference, mga sipi mula sa mga scripture passage, o mga sitwasyon na nagpapakita ng mga katotohanang itinuro sa mga scripture passage. Maibibigay ang mga quiz na ito sa pamamagitan ng pagbabasa nang malakas sa mga tanong o sa pagsulat nito sa pisara o sa papel. Pagkatapos mag-quiz ang mga estudyante, ipartner ang mga estudyanteng may mataas na iskor sa mga estudyanteng may mababang iskor. Makatutulong ang mga estudyante na may mas mataas na iskor sa estudyante na may mas mababang iskor na maunawaan ang mga epektibong paraan ng pag-aaral at pagiging mas mahusay sa mga doctrinal passage. Bilang bahagi ng gawaing ito, maaaring magtakda ng mithiin ang magkapartner na makakuha ng mas mataas na pinagsamang iskor sa susunod na quiz. Maaari kang gumawa ng chart o bulletin board kung saan maididispley ang mga mithiin ng mga estudyante at makikita ang kanilang pag-unlad.

# Pag-aasawa at Pamilya

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (25–30 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang *I Mga Taga Corinto 11:11*. Bigyang-diin na ito ay doctrinal mastery passage, at sabihin sa mga estudyante na hanapin ito sa kanilang mga banal na kasulatan at markahan ito sa naiibang paraan para madali nila itong mahanap. Ipaliwanag na ang scripture passage na ito ay tumutulong sa atin na maunawaan ang paksa ng doktrina na Pag-aasawa at Pamilya.

Ipaliwanag na sa isang liham sa mga miyembro ng Simbahan sa Corinto (sa Grecia ngayon), nagturo si Apostol Pablo tungkol sa kasal. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang I Mga Taga Corinto 11:11. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang itinuturo ni Pablo tungkol sa relasyon ng mag-asawa.

Ipaliwanag na ang "sa Panginoon" ay tumutukoy sa plano ng ebanghelyo ng Ama sa Langit, na nagtutulot sa atin na magkaroon ng buhay na walang hanggan at maging katulad Niya.

- Ano ang iminumungkahi ng talatang ito tungkol sa pangangailangan na makasal ang isang lalaki at isang babae?

Ipabasa sa mga estudyante ang paksa ng doktrina 8, "Pag-aasawa at Pamilya," sa *Doctrinal Mastery Core Document,* na hinahanap ang mga pahayag na tutulong sa atin na maunawaan ang pangangailangan na makasal ng isang lalaki at isang babae sa plano ng Diyos.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang nalaman nila. Pagkatapos ay ituro ang sumusunod na katotohanan sa paksang iyan: **Makakamtan lamang ng isang lalaki at isang babae ang kanilang banal na walang-hanggang potensyal sa pamamagitan ng pagpasok sa tipan ng selestiyal na kasal at tapat na pagtupad sa tipan nito.** Maaari mong imungkahi na isulat o itala ng mga estudyante ang doktrinang ito sa kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng I Mga Taga Corinto 11:11.

### Bahagi 2 (5–10 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na doktrina: *Makakamtan lamang ng isang lalaki at isang babae ang kanilang banal na walang-hanggang potensyal sa pamamagitan ng pagpasok sa tipan ng selestiyal na kasal at tapat na pagtupad sa tipan nito.* Ipahanap sa mga estudyante ang doctrinal mastery passage sa Bagong Tipan na nagtuturo ng doktrinang ito. Kapag nahanap na ng mga estudyante ang I Mga Taga Corinto 11:11, ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante.

Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase. Pagkatapos ay sabihin sa estudyante na ipakita ang dalawang kamay niya.


- Sa paanong paraan magkatulad ang iyong mga kamay?

- Paanong nagkakaiba ang mga ito?

Sabihin sa estudyante na ilagay ang isang kamay sa kanyang likuran. Pagkatapos ay itanong sa klase ang sumusunod:

- Anong mga aktibidad ang maaaring mahirap gawin na gamit lamang ang iisang kamay?
- Ano-ano ang mga halimbawa ng kung paano nakapagpapalakas sa atin ang pagtutulungan ng dalawang kamay?
- Paano natin maiuugnay ang halimbawa ng ating mga kamay sa katotohanan ng doktrinang ito hinggil sa kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae?

Ituro na may ilang tao na walang pagkakataong pumasok sa tipan ng selestiyal na kasal sa buhay na ito. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:



"Walang mga pagpapala, pati na ang walang hanggang kasal at walang hanggang pamilya, ang ipagkakait sa sinumang karapat-dapat na tao. Bagama't maaaring magtagal nang kaunti—marahil maging lampas pa sa buhay na ito—bago makamit ng ilang tao ang pagpapalang ito, hindi ito ipagkakait" ("The Church Is for All People," *Ensign,* Hunyo 1989, 76).

- Sa palagay ninyo, bakit mahalagang maunawaan na sa plano ng Ama sa Langit, lahat ng taong karapat-dapat ay magkakaroon kalaunan ng pagkakataong pumasok sa tipan ng selestiyal na kasal at magkaroon ng walang-hanggang pamilya?

### Bahagi 3 (10 minuto)

Magdispley o magbigay sa mga estudyante ng kopya ng sumusunod na pahayag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ipabasa ito nang malakas sa isang estudyante. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na naghahanap ng kaalaman tungkol sa pinag-aaralan nilang doktrina ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.



"Matapos likhain ang mundo, si Adan ay inilagay sa Halamanan ng Eden. Gayunman, napakahalaga ng sinabi ng Diyos na 'hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa' (Moises 3:18; tingnan din sa Genesis 2:18), at si Eva ang naging asawa at katuwang ni Adan. Ang natatanging kombinasyon ng espirituwal, pisikal, mental, at emosyonal na mga kakayahan kapwa ng mga lalaki at babae ay kinailangan para ipatupad ang plano ng kaligayahan. … Ang lalaki at babae ay nilayong matuto sa isa't isa, palakasin, pagpalain, at kumpletuhin ang isa't isa" ("Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 41–42).

- Paano nauugnay ang mga itinuro ni Elder Bednar sa katotohanang itinuro sa I Mga Taga Corinto 11:11?

Sabihin sa mga estudyante na sagutin ang isa sa sumusunod na mga tanong sa kanilang study journal:

- Ano ang ilang paraan na ang mga katangian at tungkulin ng kalalakihan at kababaihan ay napupunan ng isa't isa sa pag-aasawa at pagpapamilya?
- Anong mga katangian ang maaaring pagbutihin pa ng mag-asawa sa pamamagitan ng kanilang tipan sa kasal na tutulong sa kanila na maging higit na katulad ng Ama sa Langit?

Sabihin sa ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot sa klase.

## Mga Pagsasanay (45–55 minuto)

Ang sumusunod na mga aktibidad ay makatutulong sa mga estudyante na isagawa ang mga alituntunin na natutuhan nila sa simula ng taon sa learning experience tungkol sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman. Para maipaalala sa mga estudyante ang mga alituntuning ito, maaaring makatulong ang pagsulat sa mga ito sa pisara:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos*

Ang mga aktibidad na ito ay maaaring ituro sa parehong araw o sa ibang mga araw, depende sa iyong iskedyul at sa mga pangangailangan ng iyong mga estudyante.

### Pagsasanay 1 (20–25 minuto)

*Paalala:* Kung kinakailangan, iakma ang sumusunod na sitwasyon ayon sa mga karanasan sa buhay ng iyong mga estudyante.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na sitwasyon:

Habang tinatapos ang karagdagang edukasyon pagkatapos ng misyon, may nakilala kayo at nagsimula kayong makipagdeyt sa isang taong may malakas na patotoo kay Jesucristo, iginagalang kayo, at tinutulungan kayo na maging napakabuti. Sa paglipas ng panahon, lumalim ang pagmamahal ninyo sa isa't isa, at nagsimula kayong mag-usap tungkol sa kasal. Gayunman, habang iniisip ninyo ang pag-aasawa, nag-alala kayo tungkol sa problema at hamon ng pag-aasawa at pagpapamilya habang nag-aaral, nagtatrabaho, at nagsisimula sa isang propesyon. Nasabi ninyo sa inyong sarili, "Hindi ba't magiging mas madali at mas mainam na maghintay at ipagpaliban ang pag-aasawa at pagpapamilya hanggang sa makatapos ako ng pag-aaral, makahanap ng magandang trabaho, at makaipon nang sapat?"


- Bakit nakatutuksong ipagpaliban o iwasan ang pag-aasawa sa sitwasyong ito?

- Ano ang magagawa ninyo upang kumilos nang may pananampalataya habang pinag-iisipan ninyo ang tanong na ito at nagpaplano para sa hinaharap?
- Paano makatutulong ang paghingi ng patnubay ng Diyos sa paggawa ng matatalinong pasiya tungkol sa pag-aaral, pagtatrabaho, pag-aasawa, at pagpapamilya?

Sabihin sa mga estudyante na isaalang-alang ang nalalaman nila tungkol sa papel na ginagampanan ng kasal at pamilya sa plano ng kaligtasan.

- Sa paanong paraan nauugnay sa sitwasyong ito ang pinag-aaralan nating doktrina sa I Mga Taga Corinto 11:11?
- Paano ninyo maaaring baguhin ang pagkakalahad ng alalahaning ito para mapag-isipan ang isyu nang may walang-hanggang pananaw? (Kabilang sa posibleng mga halimbawa: Ano ang maaaring isinusuko ko kung ipagpapaliban ko ang pag-aasawa? Ano ang mga pakinabang at pagpapala ngayon at magpasawalang-hanggan kung magiging priyoridad ko sa buhay ang pag-aasawa at pagpapamilya?)

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tigtatatlo hanggang tiglilimang estudyante, at bigyan sila ng 5–10 minuto para saliksikin ang mga banal na kasulatan at, kung mayroon, ang mga pinakahuling mensahe sa pangkalahatang kumperensya at iba pang mga materyal ng Simbahan para sa karagdagang pag-unawa na makatutulong sa paggabay sa kanilang mga kilos at pagpapasiya tungkol sa pag-aasawa at pagpapamilya. Para makapagbigay ng halimbawa, maaari mong ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson sa kalalakihan ng Simbahan:



"Kung inaalala ninyo ang paglalaan ng kabuhayan sa isang asawa at pamilya, tinitiyak ko sa inyo na hindi nakakahiyang magtipid at mag-ipon ang isang mag-asawa. Karaniwan ay sa mga panahong ito ng pagsubok kayo higit na nagkakalapit habang natututo kayong magsakripisyo at gumawa ng mahihirap na desisyon" ("Kapangyarihan ng Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 67).

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi sa klase ang mga nahanap nilang banal na kasulatan o sources na nakadagdag sa pag-unawa nila.

- Sa palagay ninyo, bakit mahalaga na gawing priyoridad ang pag-aasawa at pagpapamilya sa inyong buhay?
- Ano ang magagawa ninyo ngayon upang ihanda ang inyong sarili na bumuo ng walang hanggang kasal at pamilya?

### Pagsasanay 2 (25–30 minuto)

Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon:

Habang nag-uusap kayo ng inyong kapatid isang gabi, nagtapat siya sa inyo na naguguluhan siya sa mga turo ng Simbahan tungkol sa kasal ng magkaparehong kasarian. Sabi niya, "Nahihirapan akong maunawaan kung bakit patuloy na itinuturo ng Simbahan na ang kasal ng magkaparehong kasarian ay mali. Bakit

kailangang pagkaitan ang mga tao ng kaligayahan na nagmumula sa tapat na relasyon ng magkaparehong kasarian?"

Sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung paano sila tutugon sa sitwasyong ito.

- Ano ang magagawa ninyo para makakilos nang may pananampalataya habang sinisikap ninyong sagutin ang mga tanong ng inyong kapatid?
- Paano ninyo matutulungan ang inyong kapatid na kumilos nang may pananampalataya?
- Anong doktrina ang natutuhan natin mula sa pag-aaral natin ng I Mga Taga Corinto 11:11 na makatutulong sa atin na maunawaan ang isyu ng pagpapakasal ng magkaparehong kasarian sa pananaw ng Panginoon?
- Anong iba pang mga katotohanan ng doktrina ang makatutulong sa atin para makita ang isyu ng pagpapakasal ng magkaparehong kasarian nang may walang-hanggang pananaw?

Para hikayatin ang mga estudyante na pag-aralan ang mga turo ng propeta para lalo pang maunawaan ito, mamigay ng handout na "Bakit Mahalaga ang Kasal," na matatagpuan sa pagtatapos ng learning experience na ito. Ito ay mula sa "Ang Kasal ay Mahalaga sa Kanyang Walang-Hanggang Plano," ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ipabasa ito sa mga estudyante kasama ang isang kaklase at ipahanap ang mga katotohanan tungkol sa kasal at pamilya na makatutulong sa kanila na matalakay ang isyu tungkol sa pagpapakasal ng magkaparehong kasarian.

- Paano ninyo magagamit ang mga turong ito ni Elder Bednar para tulungan ang inyong kapatid na makita ang isyu ng pagpapakasal ng magkaparehong kasarian mula sa pananaw ng plano ng kaligtasan at ebanghelyo ni Jesucristo?

*Paalala:* Maaari kang gumamit ng iba o mas bagong mensahe mula sa isang lider ng Simbahan bilang kapalit ng nasa handout.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Upang matulungan ang mga estudyante na maalala at malaman kung paano hanapin ang mga doctrinal mastery passage na natutuhan nila sa buong school year, gumamit ng mga clue para matulungan silang magpraktis ng mabilis sa paghanap ng mga scripture passage sa kanilang mga banal na kasulatan. Maaaring kabilang sa mga clue ang mahahalagang salita o mga key word, mga pahayag na nagsasaad ng konteksto, doktrina at mga alituntunin, at mga ideya sa pagsasabuhay nito.

Ang mga scripture chase activity, kung saan ay nag-uunahan ang mga estudyante na mahanap ang mga doctrinal mastery passage, ay makatutulong sa kanila para aktibong makibahagi sa pag-aaral ng mga scripture passage. Ang mga scripture chase activity ay hindi dapat humantong sa samaan ng loob o paglayo ng Espiritu. Tulungan ang mga estudyante na igalang at ingatan ang kanilang mga banal na kasulatan o huwag masyadong makipagkompetensya o makipagmataasan. Sabihin sa kanila na mas paghusayin pa ang kanilang sarili sa halip na makipagkompetensya sa husay ng isa't isa. Halimbawa, maaaring makipag-unahan

sa kanilang titser ang mga estudyante, o magpabilisan upang makita kung ilang porsiyento ng klase ang makakahanap sa scripture passage sa itinakdang oras.

Para maihanda ang mga estudyante na makilahok sa mga scripture chase activity, bigyan sila ng ilang minuto para marebyu ang mga reperensya at mahahalagang salita sa mga doctrinal mastery passage bago mo simulan ang isang aktibidad. Magagawa nila ito kasama ang isang partner, o maaari kayong magrebyu ng mga scripture passage bilang isang klase.

## Bakit Mahalaga ang Kasal

Elder David A. Bednar

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Hango sa "Ang Kasal ay Mahalaga sa Kanyang Walang Hanggang Plano," *Ensign,* Hunyo 2006, 82–87; o *Liahona,* Hunyo 2006, 50–55
Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ipinahayag ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na "ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak" ["Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 129]. Itinuturo sa atin ng pinakatampok na pangungusap na ito ng pagpapahayag ang tungkol sa kahalagahan ng doktrina ng kasal at binibigyang-diin na pinakauna ang kasal at pamilya sa plano ng Ama. Ang matuwid na pag-aasawa ay isang kautusan at mahalagang hakbang sa paglikha ng magiliw na ugnayan ng pamilya na maaaring magpatuloy sa kabilang-buhay.

May dalawang nakahihikayat na dahilan ng doktrina na nakatutulong sa atin na maunawaan kung bakit ang walang-hanggang kasal ay mahalaga sa plano ng Ama.

***Unang dahilan:*** *Ang likas na pagkatao ng mga espiritu ng lalaki at babae ay ginagawang kumpleto at perpekto ang isa't isa, kaya nga, ang kalalakihan at kababaihan ay nilayong umunlad na magkasama tungo sa kadakilaan.*

Ang kawalang-hanggan at kahalagahan ng kasal ay lubos na mauunawaan lamang sa loob ng pinakapangunahing konteksto ng plano ng Ama sa Kanyang mga anak. "Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at … may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos" ["Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo"]. Ginawang posible ng dakilang plano ng kaligayahan na ang mga espiritung anak na lalaki at babae ng Ama sa Langit ay magkaroon ng pisikal na katawan, magkaroon ng karanasan sa mundo, at umunlad tungo sa kasakdalan.

"Ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan" ["Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo"] at may malaking kinalaman sa paliwanag sa kung sino tayo, bakit tayo narito sa lupa, at ano ang dapat nating gawin at kahinatnan. Dahil sa mga banal na layunin, ang espiritu ng mga lalaki at babae ay magkaiba, natatangi, at magkabagay.

Matapos likhain ang mundo, si Adan ay inilagay sa Halamanan ng Eden. Gayunman, napakahalaga ng sinabi ng Diyos na "hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa" (Genesis 2:18; Moises 3:18), at si Eva ang naging asawa at katuwang ni Adan. Ang natatanging kombinasyon ng espirituwal, pisikal, mental, at emosyonal na mga kakayahan kapwa ng mga lalaki at babae ay kinailangan para maisakatuparan ang plano ng kaligayahan. Hindi matutupad ng lalaki o babae ang mga layunin ng kanyang pagkakalikha nang mag-isa.

Nais ng Diyos na magkasamang umunlad ang kalalakihan at kababaihan tungo sa kadakilaan at kaganapan ng kaluwalhatian. Dahil sa magkaiba nilang mga pag-uugali at kakayahan, hatid ng mga lalaki't babae sa pagsasama nila ang mga natatanging pananaw at karanasan. Magkaiba ang

naiaambag ng lalaki at ng babae ngunit parehong tungo sa pagkakaisa na hindi makakamit sa ibang paraan. Ang lalaki ay kukumpletuhin at ginagawang ganap ang babae at ang babae ay kukumpletuhin at ginagawang ganap ang lalaki habang natututo sila sa isa't isa at parehong napapalakas at napagpapala ang bawat isa. "Ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, *sa Panginoon*" (I Mga Taga Corinto 11:11; idinagdag ang pagbibigay-diin).

*Pangalawang dahilan: Sa plano ng Diyos, kailangan kapwa ang lalaki at babae upang iluwal ang mga anak sa mundo at mailaan ang pinakamabuting lugar para sa pagpapalaki at pangangalaga sa mga anak.*

Ang utos na ibinigay noong araw kina Adan at Eva na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa ngayon. "Ipinag-utos ng Diyos na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas. … Ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos" ["Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo"]. Kaya nga, ang kasal ng isang lalaki at isang babae ang tamang pamamaraan kung saan papasok sa mortalidad ang mga premortal na espiritu. Ang hindi pakikipagtalik bago ikasal at lubusang katapatan kapag kasal na ang nagpoprotekta sa kabanalan ng sagradong pamamaraang ito.

Ang tahanang may mapagmahal at tapat na mag-asawa ang pinakamainam na lugar kung saan mapapalaki ang mga anak sa pagmamahal at kabutihan at kung saan matutugunan ang espirituwal at pisikal na pangangailangan ng mga bata. Tulad ng mga magkakaibang katangian ng mga lalaki at babae na nakatutulong sa pagiging kumpleto ng pagsasama ng mag-asawa, ang mga katangian ding iyon ay mahalaga sa pagpapalaki, pangangalaga, at pagtuturo ng mga anak. "Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal" ["Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo"].

# Mga Kautusan

*Paalala:* Ang sumusunod na mga aktibidad para sa doctrinal mastery ay maaaring magawa sa loob ng ilang sesyon ng klase o sa isang sesyon lamang ng klase.

## Pag-unawa sa Doktrina (25 minuto)

### Bahagi 1 (10 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:

- *Bakit tayo binibigyan ng Diyos ng mga kautusan?*
- *Bakit dapat nating sundin ang mga ito?*

Sabihin sa mga estudyante na basahin nang tahimik ang unang talata ng mga paksa ng doktrina 9, "Mga Kautusan" sa *Doctrinal Mastery Core Document,* na inaalam ang mga sagot sa tanong na nakalista sa pisara.

- Bakit tayo binibigyan ng Diyos ng mga kautusan? (Para matulungan tayong umunlad at maging katulad Niya. Ang mga kautusan ay pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos sa atin.)
- Bakit mahalaga para sa atin na sundin ang mga utos ng Diyos? (Ang pagsunod sa mga kautusan ay nagtutulot sa atin na maipakita ang ating pagmamahal sa Panginoon at magbibigay sa atin ng kaligayahan at mga pagpapala.)

Ipabuklat sa mga estudyante ang Juan 14:15, at imungkahi na markahan nila ang talatang ito bilang doctrinal mastery passage. Ipaliwanag na kasunod ng Kanyang huling hapunan kasama ang Kanyang mga Apostol bago ang Pagpapako sa Kanya sa Krus, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol ang isang mahalagang kaalaman tungkol sa kung ano ang dapat nating madama tungkol sa pagsunod sa mga kautusan. Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto para isaulo ang lokasyon at teksto ng banal na kasulatang ito, at pagkatapos ay itanong:

- Ayon sa talatang ito, ano ang ipinapakita natin sa Tagapagligtas kapag sinusunod natin ang mga kautusan? (Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, maaari mong isulat ang sumusunod na katotohanan sa pisara: **Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan.**)
- Sa palagay ninyo, bakit naipapakita natin ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas sa pagsunod sa kanyang mga kautusan?

### Bahagi 2 (5 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na isulat ang cross-reference na Mateo 22:36–39 sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Juan 14:15. Pagkatapos ay ipabuklat sa kanila ang Mateo 22:36–39, at sabihin sa kanilang markahan ito bilang doctrinal mastery passage.

Para matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang konteksto ng talatang ito, ipabasa sa kanila ang Mateo 22:34–36 sa tahimik na paraan, na inaalam ang itinanong sa Tagapagligtas.

- Ano ang itinanong ng tagapagtanggol sa Tagapagligtas?

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Mateo 22:37–39. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang sagot ng Tagapagligtas.

- Ano ang inihayag ng Tagapagligtas na dalawang dakilang utos? (Dapat matukoy ng mga estudyante ang sumusunod na doktrina: **Ang dalawang dakilang utos ay ang ibigin ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, kaluluwa, at pag-iisip at ibigin ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.**)

Ipabasa sa isang estudyante ang pangalawang talata ng paksa ng doktrina 9, "Mga Kautusan," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam ang kaugnayan ng pagmamahal sa Diyos sa pagmamahal sa kapwa.

- Ano ang kaugnayan ng pagmamahal sa Diyos sa pagmamahal sa kapwa?
- Sa palagay ninyo, bakit itinuturing ang dalawang ito na mga dakilang utos?

Hikayatin ang mga estudyante na pag-isipang mabuti ang mga ginagawa nila upang ipakita ang kanilang pagmamahal sa Diyos at sa mga nakapaligid sa kanila.

### Bahagi 3 (5 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na alalahanin ang dalawang dakilang utos na itinuro ni Jesucristo at tukuyin ang doctrinal mastery passage na nagtuturo ng katotohanang ito.

Para tulungan ang mga estudyante na mas maunawaan ang Mateo 22:36–39 at ang doktrina na ang dalawang dakilang utos ay ang ibigin ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, kaluluwa, at pag-iisip at ibigin ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili, ipabasa nang malakas ang Mateo 22:40 sa isang estudyante. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa dalawang dakilang utos na ito.

- Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga utos na ito? (Lahat ng kautusan na itinuro sa mga batas at ng mga propeta—ang dalawang pangunahing bahagi ng mga banal na kasulatan sa panahong iyon—ay nakasalalay, o nakabatay sa dalawang dakilang utos na ito.)

Maaari kang magdispley o magbigay ng kopya ng sumusunod na pahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan. Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang pahayag. Sabihin sa klase na tahimik na sumabay sa pagbasa, na inaalam kung paano nakasalig ang lahat ng iba pang mga utos sa dalawang dakilang utos.



"Napakalinaw ng sinambit ng Tagapagligtas nang sabihin Niya na bawat ibang utos ay batay sa alituntunin ng pag-ibig. Kung hindi natin kaliligtaan ang mga dakilang batas—kung talagang matututo tayong ibigin ang ating Ama sa Langit at ating kapwa nang buong puso, kaluluwa, at isipan—mangyayari ang iba pa ayon sa nararapat" ("Ang Pag-ibig sa Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2009, 24).

- Sa paanong paraan nakabatay ang bawat iba pang kautusan sa dalawang dakilang utos?

Pagkatapos bigyan ng sapat na oras ang mga estudyante para sumagot, ipabasa sa kanila ang huling tatlong talata ng paksa ng doktrina 9, "Mga Kautusan," sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Hikayatin silang markahan ang ilan sa mga utos na nakalista roon at pag-isipan kung paano nagpapakita ng ating pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa ang pagsunod natin sa mga ito.

### Bahagi 4 (5 minuto)

Imungkahi sa mga estudyante na isulat ang cross-reference na Mateo 5:14–16 sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Mateo 22:36–39. Ipaliwanag na sa Sermon sa Bundok, itinuro ng Tagapagligtas kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa. Ipabuklat sa mga estudyante ang Mateo 5:14–16, at pamarkahan ito bilang doctrinal mastery passage. Ipaliwanag na sa mga talatang ito, ibinigay ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo ang isang kautusan na isa sa pinakamahahalagang paraan para maipakita natin ang ating pagmamahal sa mga nakapaligid sa atin at sa Diyos.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Mateo 5:14–16, na inaalam kung ano ang itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harapan ng mga tao" (Mateo 5:16)?
- Paano nakatutulong sa atin ang doctrinal mastery passage na ito na maunawaan ang isang paraan na maibabahagi natin ang ebanghelyo sa mga nakapaligid sa atin? (Habang sinusunod natin ang mga kautusan at nagpapakita tayo ng mabuting halimbawa, makikita ng mga nasa paligid natin ang ating mga pagpili at ang mga ibinungang pagpapala nito at maaaring mas maging handang tanggapin ang ebanghelyo.)

Sabihin sa mga estudyante na isulat ang alituntunin na **maaari nating ituro ang ebanghelyo sa iba sa pamamagitan ng ating mabubuting halimbawa** sa tabi ng Mateo 5:14–16.

Itanong sa mga estudyante kung sila ay may natutuhan o napalakas ba sila dahil sa halimbawa ng isang kaibigan o kapamilya na piniling sundin ang mga kautusan. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga karanasan kung sila ay komportable sa paggawa nito.

Maaari mong sabihin sa mga estudyante na isulat ang cross-reference na Juan 14:15 sa margin ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng Mateo 5:14–16. Kung may oras pa sa klase, tulungan ang mga estudyante na mahanap ang mga talata na

isinulat nila sa mga margin bilang bahagi ng aktibidad sa doctrinal mastery, at bigyan sila ng oras na isaulo ang mga banal na kasulatang ito.

Magtapos sa pagpapatotoo mo tungkol sa mga alituntuning tinalakay sa paksa ng doktrina na "Mga Kautusan" sa *Doctrinal Mastery Core Document.*

## Pagsasanay (20 minuto)

Ang sumusunod na aktibidad ay makatutulong sa mga estudyante na kumilos nang naaayon sa tatlong alituntunin na natutuhan nila sa "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" sa *Doctrinal Mastery Core Document.* Upang maipaalala sa mga estudyante ang mga alituntuning ito, maaaring makatulong ang isulat ang mga ito sa pisara:

- *Kumilos nang may pananampalataya.*
- *Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.*
- *Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos.*

Sabihin sa mga estudyante na rebyuhin ang paksa ng doktrina 9, "Mga Kautusan," sa *Doctrinal Mastery Core Document,* at pagkatapos ay itanong sa kanila kung anong mga utos ang maaaring mahirapang sundin ng isang kabataan kung hindi niya malinaw na nauunawaan ang mga layunin nito. Ilista sa pisara ang kanilang mga sagot.

Pagpartner-partnerin ang mga estudyante at papiliin sila ng isa sa mga kautusan mula sa listahan sa pisara. Bigyan ang bawat magkapartner ng kopya ng sumusunod na handout, at ipabasa ito sa kanila at ipatalakay ang kanilang mga sagot sa mga tanong.

*Kumilos nang may pananampalataya:*

- Ano ang magagawa ninyo upang mahikayat ang isang tao na kumilos nang may pananampalataya kahit na nahihirapan siyang maunawaan kung bakit ibinibigay ng Diyos ang isang partikular na kautusan?

*Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw:*

Rebyuhin ang doktrinang itinuro sa Juan 14:15; Mateo 5:14–16; at Mateo 22:36–39.

- Sa paanong paraan makatutulong ang mga scripture passage na ito sa isang tao upang mas maunawaan ang kautusan na napili ninyo?
- Ano pang ibang mga katotohanan ang makapagbibigay ng walang-hanggang pananaw sa halip na pananaw ng mundo sa kautusang napili ninyo?

*Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga itinalagang tulong o sources na ibinigay ng Diyos:*

- Ano ang pinakahuling turo ng mga propeta ng Panginoon na makatutulong sa isang tao na maunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa kautusang napili ninyo? (Maaari mong tukuyin ang mga pahayag ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na matatagpuan sa LDS.org at sa mga magasin ng Simbahan.)

Matapos bigyan ang mga estudyante ng sapat na oras para talakayin ang mga tanong na ito, anyayahan silang makibahagi sa isang dula-dulaan. Sabihin sa isang estudyante mula sa bawat magkapartner na gampanan ang papel ng isang tao na nahihirapang unawain kung bakit iniuutos ng Panginoon sa Kanyang mga anak na sundin ang kautusan na napili ng magkapartner. Ang isa namang estudyante ang tutulong sa taong naguguluhan na kumilos nang may pananampalataya, suriin ang mga kautusan nang may walang-hanggang pananaw, at maghangad na mas makaunawa tungkol sa mga kautusan sa pamamagitan ng itinalagang sources na ibinigay ng Diyos. Bigyan ang mga estudyante ng mga 10 minuto para isadula ang kanilang sitwasyon.

Matapos bigyan ng sapat na oras ang mga estudyante para matapos ang dula-dulaan, talakayin ang ilan sa sumusunod na mga tanong bilang isang klase:

- Paano natin maaaring piliing kumilos nang may pananampalataya kapag hindi natin maunawaan ang ilang kautusan o nahihirapan tayong sundin ang mga ito?
- Paano ninyo tinulungan ang inyong kaibigan na suriin nang may walang-hanggang pananaw ang kanyang tanong o pag-aalala tungkol sa isang kautusan?
- Ano ang itinalagang sources na ibinigay ng Diyos ang ginamit ninyo upang sagutin ang tanong o hikayatin ang nahihirapan ninyong kaibigan na maghangad na mas makaunawa pa?

Tapusin ang aktibidad sa pag-anyaya sa mga estudyante na ibahagi ang anumang ideyang natamo nila habang nakikibahagi sa aktibidad na ito.

## Pagrerebyu ng Doctrinal Mastery

Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang mga doctrinal passage sa Bagong Tipan at pumili ng isa na naglalaman ng doktrina o alituntunin na may patotoo sila tungkol dito. Anyayahan silang patotohanan ang doktrina o alituntuning ito at ipabahagi ang karanasan na nakatulong sa kanila na magkaroon ng patotoo tungkol dito. Habang ibinabahagi ng mga estudyante ang kanilang patotoo, pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng doktrina o alituntunin na pinatototohanan nila. Maaari ding makapagbigay-inspirasyon ang kanilang mga patotoo sa iba na kumilos nang may pananampalataya.

SEMINARIES AND
INSTITUTES OF RELIGION

THE CHURCH OF
JESUS CHRIST
OF LATTER-DAY SAINTS

TAGALOG

4 02132 31893 8
13231 893